

# HASAAN

OPISYAL NA TAUNANG REFEREED JOURNAL SA FILIPINO NG UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS

Tomo VII. 2023

*Ang Kaso ng Estupadong Tao, Resureksiyonista, at ni Jerry Dayunyor: Ilang Talâ sa Pagsasalin sa Filipino ng A Tale of Two Cities ni Charles Dickens*
**Mark Anthony S. Angeles**

*Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad at Banta ng Programang Philippine Track ng Busan University of Foreign Studies: Mga Implikasyon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Labas ng Pilipinas*
**Gerard P. Concepcion**

*Mga Pangako ng Puso, Mga Sakripisyo ng Kamay: Imahen ng Estados Unidos bilang Kanlungang Pilipino Batay sa mga Piling Pelikula ni Olivia Lamasan*
**Axle Christien J. Tugano**

*Pagsusuri sa mga Paraan ng Pagbabaybay sa Filipino ng mga Piling Tabloid sa Filipino*
**Jay-Mar Luza**

*Semantikal na Elaborasyon ng Salitang "Communicable Disease" sa Panahon ng Pandemya*
**Jeremiah Victoria T. Dimasacat, Jeffrey Louis V. Din, Chelsea Angela M. Domingo, Aleyah Zoe Hannah R. Dumayag, Chelsea A. Dural, Jonathan Josh H. Duran, Mary Martie L. Durana, Justine Denyll P. Elazegui, Rhon Silhouette Louisse G. Empaynado, Shanaine Neve A. Escal, at Ian Mark P. Nibalvos**

*Pagbuo ng Modyul 1 para sa Special Filipino Beginners' Program sa Baitang 7 ng DLSU Integrated School*
**Princess Gissel Dionela-Servo**

# Mga Pangako ng Puso, Mga Sakripisyo ng Kamay: Imahen ng Estados Unidos bilang Kanlungang Pilipino Batay sa mga Piling Pelikula ni Olivia Lamasan

**Axle Christien J. Tugano**
University of the Philippines Los Baños

**ABSTRAK**

Integral ang ipinahihiwatig ng mga pelikula sa Pilipinas na direktang nagtampok sa mga kuwentong pag-ibig at paghahanapbuhay ng mga migranteng Pilipino sa ibayong dagat. Patok sa lipunang Pilipino ang mga pelikulang nakakakilig, nakapagbibigay ng ligaya, at inspirasyon. Ngunit hindi din dapat kaligtaan ang isa pang temang maaaring umusbong mula dito—ang kalagayan at danas ng mga karakter, hindi lamang bilang mangingibig, kundi bilang manggagawa din. Kung gayon, pagkalas ito panandalian sa kinasanayang pagtrato sa mga romantic movie ng mga Pilipino sa payak nitong anyo bilang kuwentong pag-ibig lamang. Bagkus, malaong holistikong magsisiwalat sa malawakang diaspora at realidad ng paggawang Pilipino sa iba't ibang bahagi ng mundo. Layunin ng artikulong ito na muling ipasundayag ang pagtatalaban ng puso na siyang simbolo ng pag-ibig at kamay na kumakatawan o metapora ng paghahanapbuhay. Partikular na susuyurin ang dalawang pelikula na nasa direksiyon ni Olivia Lamasan, na nagtampok sa mga Pilipino sa Estados Unidos—ang *Sana Maulit Muli* at *In My Life*.

**Mga Susing Salita:** *Estados Unidos, pelikula, hanapbuhay, manggagawa, pag-ibig*

***INTRODUKSIYON***

Unang pinangarap ng mga Pilipino na marating ang Estados Unidos (EU) dahil sa lubos na maunlad at umuunlad pa nitong ekonomiya. Higit na kilala sa mga unang Pilipinong nagpatunay at umasa rito ay ang lider-manggagawa na sina Hilario Moncado—ang tagapagtatag ng *Filipino Federation of America* (FFA), isang pangkapatiran at semi-relihiyosong organisasyon sa California (Paluga 4-6) at Carlos Bulosan—na nagpamalas ng kaniyang natatanging karanasan sa EU sa kontekstong sosyo-politikal at proletaryadong internasyonal sa panahon ng *Great Depression* (1929-1939). Ito ay malaong itinampok sa kaniyang *semi-autobiograpiya* na *America is in the Heart* (Bulosan). Gayumpaman, matagal nang lumilibot ang mga Pilipino sa EU upang kumuha ng ginhawa. Sa kasaysayan, ilan sa mga halimbawa ay ang bultuhang migrasyon noong dantaon 19 lalo na ng mga Ilokano sa Hawai'i upang magtrabaho sa plantasyon ng tubo at pinya (Bailon 32-37; Tigno 139-167) at upang mag-alaga at/o magparami ng salmon sa mga islang kanarya ng Kodiak, Alaska (Santarita 296). Kasabay ng pagdagsa ng mga Pilipino sa nabanggit na dalawang islang estado, halinlinan din silang tumulak sa kalupaan ng EU.

Sapul pa noong mga dekada 1960 makikita ang bultuhang pagdating ng mga Pilipino sa kalupaan ng EU upang makapagtrabaho (Blanc 184) lalo na sa propesyong katulad ng mga nars. Madalas na pinupuntahan ng mga migranteng Pilipino ang lunsod ng New York o Los Angeles (Salazar-Parreñas, "Mothering from a distance" 364) at San Francisco, California. Marami mula sa iba't ibang parte ng daigdig ang nangarap na magtungo sa EU sa paniniwalang "pag-ahon [ito] sa kahirapan." Tinatawag ito bilang *American Dream* o isang penomeno ng pag-ahon at pag-unlad mula sa ginhawang hatid ng paggawa sa EU (Clark 4; Akinwumi 250). Katulad ng mga Latino (Barrios-Tinoco 289-307; Lopez *et al.*), inasam din ng mga Pilipino ang makatapak sa EU upang magkaroon ng magandang kinabukasan. Kaya't sa pag-aasam na ito, marami rin ang mga naitalang migranteng ilegal ang pagkakapasok sa bansa. Walang permiso ang kanilang paghahanapbuhay sa EU, ngunit nakatulong ang lakas-paggawa ng mga Pilipino sa ekonomiya ng dayuhang bansa.

Ang malawakang dispersiyon ng mga Pilipino sa EU at direktang pakikisangkot sa lakas-paggawa nito ay maaaring nag-udyok din kung bakit naitampok ang ilang mga bantog na lunsod nito sa pelikulang pag-ibig ng mga Pilipino. Ang mga tampok na lunsod sa EU ay siyang dinadagsa ng mga migranteng Pilipino kaya't ang mga *metropolis* na ito rin ang siyang malawakang pinagdadausan ng mga *film screening* ng pelikula (Tumbocon 214). Hindi naglaon, naging entablado na rin ito sa paggawa ng mga pelikulang pag-ibig ng mga Pilipino. Itinatampok sa artikulong ito ang mga pelikulang sumailalim sa direksiyon ni Olivia Lamasan na nagtanghal sa EU, partikular na ang *Sana Maulit Muli* (SMM) at *In My Life* (IML). Kahit sabihin pang umiinog ang mga pelikulang ito sa pag-iibigan nina

Lea Salonga at Aga Muhlach at nina Luis Manzano at John Lloyd Cruz, sinalungguhitan din nito ang naratibo at kalagayan ng mga migranteng manggagawang Pilipino sa EU.

**PANUNURIN PAMPELIKULA: METODOHIYA NG PAG-AARAL**

Sa manwal na *Saliksik: Gabay sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan, Panitikan, at Sining*, naghain sin a Eugene Evasco, Atoy Navarro, Will Ortiz, at Mary Jane Rodriguez-Tatel ng tatlong primaryang paraan ng pagsusuri ng pelikula: (1) pagsusuri batay sa ideolohiya at teoryang pampanitikan; (2) pagsusuring pormal at pagbabasa sa wika ng pelikula; at (3) pagsusuri sa mga estilo at tradisyon ng mga pambansang pelikula (Evasco *et al.* 85-91). Itinatampok sa unang paraan ang pagsusuri sa pelikula bilang isang natatanging dulog ng *cultural studies* o sa iba't ibang lapit (*i.e.* moralismo, arketipal, feminismo, formalismo, marxismo, at iba pa). Higit na kailangangang gamitin ang ikalawang paraan ng pagsusuri sa dalawang pelikulang itinatampok sa papel na ito. Sa "wika ng pelikula" o kuha sa kamera, sinusuri ng mga manonood ang galaw, kumpas, hitsura, porma, at pananalita ng mga artista. Lalo pa't sa Pilipinas, kadalasang ginagaya ng *fans* ang estilo ng pananamit, pananalita, at pilosopiya sa buhay ng mga hinahangaang artista (Evasco *et al.* 83).

Sa pelikulang SMM at IML lumilitaw ang iba't ibang kuha sa kamera: *master shot* (mahabang *sequence*); *cover shot* (maikling *sequence*); *detail shot* o *extreme close-up* (pagtatampok ng maliliit na detalye); *medium shot* (kalahating bahagi ng tao); *full shot* (buong katawan); *long shot* o *establishing shot* (pagpapakita ng lugar); at marami pang iba (Evasco *et al.* 88-90). Gamit ang "wika ng pelikula," libo -libong deskripsiyon ang maaaring makita sa dalawang pelikula. Halimbawa, napansin nating maganda si Lea; may dimples si Aga; maganda ang damit ni Lea; guwapo sina Luis at John Lloyd; mukhang mataray si Vilma; ang ganda ng California; ang ganda ng New York; at marami pang iba.

Sa sinematograpiya, mahalaga ring makita ang kalidad ng mismong pelikula. Posibleng mapansin na *high-quality* at malinaw o *colorful* (buhay-na-buhay ang kulay) ng IML dahil na rin sa umuunlad na teknolohiya at *editing features* noong 2009. Gayundin, may "kalabuan" at may "mala-tuldok-tuldok" o tinatawag na *negative dust* ang pelikulang SMM na tipikal naman talaga sa mga lumang pelikula. Sa pangunguna ng Sagip Pelikula ng ABS-CBN Film Restoration at Film Development Council of the Philippines (FDCP), nagkaroon ng *digital restoration* ang SMM upang muling maipalabas sa Manila Metropolitan Theater sa mas magandang kalidad nang sa gayo'y mapanood ng bagong henerasyon (ABS-CBN).

Liban pa rito, kailangan ding masuri ang elemento ng musika at tunog. Isinunod ang pamagat ng pelikulang SMM sa katulad ding titulo ng kantang kinatha ni Gary Valenciano. Orihinal na nasa wikang Ingles ang kantang "Why'd You Close Your Eyes" na

isinatitik at isinahimig ni Valenciano bilang alay na awitin sa pagkamatay ni Julie Vega noong 1985. Isinalin lamang ito sa wikang Filipino ng kaniyang asawa na si Angeli Pangilinan (Liabres). Pagkalipas ng isang dekada, nagsilbi itong *theme song* ng pelikulang idinirehe ni Olivia Lamasan. Ngunit, para sa kabataang Pilipino noong unang bahagi ng dantaon 21, higit na naidikit ang kantang ito sa teleseryeng pinagtambalan noong 2007 nina Kim Chiu at Gerald Anderson (KimErald), mga baguhang artista pa noon mula sa *Pinoy Big Brother* (JECC). Gayundin ang pelikulang IML na lumabas noong Setyembre 26, 2009 at isinunod din sa kaparehong kanta na inawit ni Sarah Geronimo bilang *theme song* nito.

Sa kabuuan, ang pagsusuri sa anggulo, kalidad, tunog, o musika ng pelikula ay sumasaklaw r in sa *pagsusuring tekstuwal* lalo pa't bagaman isa itong uri ng kritisismong pampanitikan, maaari d in itong ilapat sa pagbabasa ng mga pelikula. Kung gayon, maaasahan din sa pag-aaral na ito ang *pagsusuring kontekstuwal* o paraan ng pag-uugnay ng pelikula sa realidad ng lipunan; *pagsusuring subtekstuwal* o pagsipat ng e spe sipikong kahulugan ng isang pelikula; at *pagsusuring intertekstuwal* o pagkilala sa kapookan at impluwensiya ng direktor (Evasco *et al.* 72-74).

**MGA PELIKULANG LAMASAN**

Maituturing na bahagi ng *pagsusuring intertekstuwal* ang pagtukoy sa impluwensiya at pinanggalingang tradisyon ng isang manunulat (Evasco *et al.* 74). Isang batikang direktor si Olivia Lamasan na may natatanging kuwento ng buhay. Nahumaling si Lamasan sa mga pelikula dahil sa kaniyang Ina. Sapagkat ang huli ay tagahanga ng artistang si Nora Aunor (Tariman). Nagmula si Lamasan sa pamilyang nagnanais siyang maging doktor. Gayumpaman, salungat ito sa kagustuhan ni Lamasan kaya't kumuha siya ng kursong *Communication Arts* sa Maryknoll College (na ngayo'y Miriam College) (TVG). Sa pagtatapos ng Batas Militar sa Pilipinas noong 1986, nagsimula ang karera ni Lamasan bilang isang *film production assistant* (Cruz). Kalauna'y magiging *script writer* ng mga batikang direktor katulad nina Pepe Marcos at Laurice Guillen. Limang taon sa industriya bago tuluyang maging direktor si Lamasan ng teleseryeng *Maalaala Mo Kaya* na pinagbibidahan ni Charo Santos. Kadalasang nakasentro sa kuwentong pag-ibig, pampamilya, at melodramatikong pelikula ang idinidirehe ni Lamasan (Selim). Ilan sa mga ito ang sumusunod:

1. *Sana Maulit Muli* – Lea Salonga at Aga Muhlach;
2. *Madrasta* – Sharon Cuneta at Christopher de Leon;
3. *Hanggang Kailan Kita Mamahalin* – Lorna Tolentino at Richard Gomez;
4. *Minsan Minahal Kita* – Sharon Cuneta at Richard Gomez;
5. *Got 2 Believe* – Claudine Barretto at Rico Yan;

6. *Milan* – Claudine Barretto at Piolo Pascual;
7. *In My Life* – John Lloyd Cruz at Luis Manzano;
8. *In the Name of Love* – Angel Locsin at Aga Muhlach;
9. *The Mistress* – Bea Alonzo at John Lloyd Cruz;
10. *Starting Over Again* – Toni Gonzaga at Piolo Pascual; at
11. *Barcelona: A Love Untold* – Kathryn Bernardo at Daniel Padilla (Tugano, "Tungkol sa Pag-ibig at Hanapbuhay")

Bagaman kuwentong pag-ibig ang *genre* ng kaniyang mga pelikula, makatatalisod din mula rito ng kuwentong paggawa o paghahanapbuhay ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Dalawa rito ay nagtampok ng mga Pilipino sa Europa—ang *Milan* sa Italya at *Barcelona* sa España, na aking isinulat sa isang hiwalay na pananaliksik (Tugano, "Representasyon"). Kaya't layunin naman ng papel na ito na suriin ang pelikulang nagtanghal ng kuwentong pag-ibig at paghahanapbuhay sa Estados Unidos—ang SMM sa California at IML sa New York.

**MAIKLING BUOD NG SANA MAULIT MULI**

Pinilahan sa takilya ang pelikulang ito noong Agosto 9, 1995. Ito ay nasa produksiyon at distribusyon ng ABS-CBN Film Productions at Star Cinema. Umikot ito sa buhay ng dalawang bidang sina Agnes (Lea Salonga) at Jerry (Aga Muhlach). M ahina at dependiyente si Agnes. Sa tagal ng kanilang relasyon ni Jerry, lagi siya ng umaasa sa desisyon ng kaniyang nobyo. Binanggit din na isang guro si Agnes samantalang *office clerk* naman si Jerry. Maituturing bilang *padre de familia* si Jerry kung saan inaasahan siya ng kaniyang pamilya, lalo na ng inang si Lita (Gina Pareño) na tutol sa pagmamahalan ng dalawa. Nais ng kaniyang ina na makapag-asawa si Jerry ng isang Amerikanang "mag-aahon sa kahirapan" katulad ng ginawa ng kaniyang pinsang si Nick (William Martinez). Hindi naglaon, na-*promote* si Jerry sa trabaho at kasabay nito ang pag-alis ni Agnes papuntang San Francisco, California. Pinayagan naman siya ni Jerry kahit labag sa loob ni Agnes na magtungo sa kaniyang inang doo'y may ibang asawa at mga anak.

Sinubok ng tadhana ang pagmamahalan nina Agnes at Jerry nang tuluyang magpunta ang una sa EU. Umaangkop pa si Agnes sa bagong kultura ng EU na malayo ng-malayo sa kaniyang kinagisnan sa Pilipinas. Hindi naglaon, nawawalan na ng oras si Jerry para kausapin si Agnes. Lagi siyang abala sa kaniyang trabaho lalo pa't natuloy ang promosyon sa kaniya—sa tulong ng kaniyang superbisor na si Cynthia (Cherry Pie Picache) na siyang pinagseselosan ni Agnes. Dahil sa lungkot at pangungulila kay Jerry, makailang beses na ninais ni Agnes na bumalik sa Pilipinas, ngunit hindi siya pinapayagan ng nobyo. Hindi naglaon, biglang nawalan ng koneksiyon at

komunikasyon ang dalawa. Labis itong dinamdam ni Agnes nang hindi man lang nalalaman ni Jerry. Gayumpaman, kailangang mamuhay ni Agnes sa EU kaya't nagtrabaho muna siya bilang katulong at tagapag-alaga ng mga matatanda. Ang ganitong sakripisyo ni Agnes ay nagdala sa kaniyang tagumpay. Naglingkod siya bilang *real estate agent* at naging *manager* ng isang kompanya sa Florida. Liban pa rito, nagkaroon na siya ng sariling ari-arian katulad ng kotse at bahay. Naging malakas at nagsasarili na si Agnes. May ilang taon din ang nakalipas bago muling magkita sina Agnes at Jerry sa EU. Nagkaroon ng oportunidad si Jerry na makarating sa EU dahil sa kaniyang kompanya, matapos ang makailang beses na *visa rejection*.

Ang muling pagtatagpo ng dalawa ay hudyat ng isang pagsubok. Malaki ang pinagbago ni Agnes nang huli siyang makita ni Jerry. Pinaramdam ng babae kay Jerry kung gaano kasakit ang hindi pahalagahan, kalimutan, at pabayaan. Malaki ang epekto ng trabaho ni Agnes kung bakit nababawasan o nawawalan siya ng oras para makipagkita kay Jerry. Pinapakilala na lamang ni Agnes si Jerry sa ibang tao bilang isang kaibigan sa halip na isang nobyo. Anupaman, upang suyuin ang nobya, nanatili pa rin si Jerry sa EU kahit hindi siya legal na magtrabaho roon. Pinasok niya ang mga trabahong katulad ng pagpuputol ng mga troso, tagalinis ng mga sasakyan, at maging tagaluto sa isang restoran na pagmamay-ari ng mga Pilipinong matapobre. Gayumpaman, hindi kinalimutan ni Jerry ang kaniyang pamilya na umaasa sa kaniyang mga padala. Hindi ang pangungulila at mabibigat na trabaho ang nagpapahirap kay Jerry, kund i ang kalagayan ng kanilang relasyon ni Agnes. Katulad ni Agnes kay Cynthia, pinagselosan din ni Jerry si Dave (Bill Recana), ang amo ng kaniyang nobya. Hindi batid ni Jerry na tinanggihan ni Agnes ang panliligaw sa kaniya ni Dave dahil ang totoo'y mahal pa rin niya ang kaniyang nobyo.

Napipinto ang pagpapatapon kay Jerry pabalik ng Pilipinas sa oras na mahuli siya ng awtoridad na nagtatrabaho roon kahit wala siyang legal na dokumento. Upang sagipin si Jerry sa ganitong posibilidad, inaya siya ni Agnes na magpakasal. Ngunit tinanggihan ito ni Jerry. Sa halip, umuwi na lamang siya sa Pilipinas at muling iniwan si Agnes sa pangalawang pagkakataon.

**MAIKLING BUOD NG IN MY LIFE**

Lumabas ang pelikulang ito noong Setyembre 26, 2009. Umikot sa dalawang uri ng pag-ibig ang daloy ng pelikula: (1) pag-ibig ng ina sa mga anak at (2) pag-iibigan ng magkatulad na kasarian. Makikilala rito si Shirley (Vilma Santos) na nagtatrabaho bilang isang *school librarian* at dating guro sa *Physical Education* na kinakatakutan ng lahat ng mag-aaral at katrabaho dahil sa kaniyang sungit at pagiging mahigpit. Hiwalay siya sa kaniyang asawang si Benito (Tirso Cruz III), ngunit kay Shirley ipinagkatiwala ng kaniyang mga biyenan ang kanilang bahay at lupa. Kasama ni Shirley sa iisang bubong ang kaniyang

anak na si Dang (Dimples Romana) at ang mga apo, ngunit kalauna'y kukuhanin din ng isa pa niyang anak na si Cherry (Paw Diaz) na nasa Australia. Dahil sa sama ng loob, nagpapetisyon din si Shirley sa kaniyang nag-iisang lalaking anak na si Mark (Luis Manzano) na noo'y maganda ang karera sa New York.

Nang dumating si Shirley sa EU, sinalubong siya sa paliparan ni Noel (John Lloyd Cruz) sa kadahilanang abala si Mark sa trabaho. Buong akala ni Shirley na kaibigan lamang siya ni Mark, ngunit nakita niya ang mga larawang makapagsasabing magnobyo ang dalawa. Sa is ang banda, hindi ganoong buo ang loob ni Shirley para tanggapin ang pagkatao ng kaniyang anak. Sa kabilang banda, hindi rin tanggap ni Shirley si Noel bilang nobyo ng kaniyang anak kaya't binabalewala ng una ang huli. Hindi inabisuhan ni Shirley si Mark na nais niyang manirahan sa EU, kaya't labis itong ikinagulat ng kaniyang anak. Hindi nasusukat ni Mark kung kaya niyang pakisamahan ang kaniyang ina.

Mahal na mahal ni Mark si Noel at lalo na ang inang si Shirley. Mababatid din na ilegal na migrante si Noel, kaya't iba't ibang trabaho ang kaniyang pinapasok upang matustusan din ang mga naiwanang pamilya sa Pilipinas. Dahil sa pagmamahal ni Mark kay Noel, pinakiusapan niya ang kaniyang sariling ina na pakasalan si Noel upang maging legal na migrante sa EU. Ang ganitong pakiusap ni Mark ay minasama ni Shirley dahil pakiramdam niya'y binabastos siya ng kaniyang sariling anak. Makailang ulit na rin kasing nagbabayad si Noel ng papakasalang babae, ngunit lagi siyang tinatakasan o pineperahan. Gayumpaman, habang tumatagal sa EU si Shirley, kinakailangan niyang mabuhay kaya't pumasok din siya sa iba't ibang uri ng trabaho kahit makailang beses ding sinisisante dulot ng kaniyang kapalpakan. Naunawaan niyang hindi uubra ang kaniyang katarayan at katapangan sa EU na katulad ng kaniyang ugali noon sa Pilipinas. Ang ganitong realisasyon ni Shirley ay humantong sa masinsinang pagtatapat ng kaniyang anak hinggil sa hinanakit niya sa ina.

Sa kasamaang palad, may dinaramdam na kanser si Mark at ito'y inilihim sa kaniyang ina. Tanging si Noel lamang ang nakakaalam nito. Hindi naglaon, nabunyag ni Shirley ang pagtatago ng kaniyang anak na siya namang ikinagalit niya kay Noel. Ani Shirley, laging inaagaw ni Noel ang tungkulin at obligasyon ng isang ina sa kaniyang anak.

Sa halip na mamatay sa kanser si Mark, nasawi siya nang masagasaan ng sasakyan. Gumuho ang mundo nina Shirley at Noel nang malaman nila ang maagang pagpanaw ni Mark. Gayumpaman, mas tumindi ang galit nina Noel at Shirley sa isa't isa hanggang sa umuwi na lamang ng Pilipinas ang huli. Sa pag-uwi ni Shirley, katulad ni Mark, mayroon ding hinanakit ang kaniyang iba pang mga anak na sina Dang at Cherry. Hindi

nagtagal, muling bumalik si Shirley sa EU upang kausapin si Noel na magpakasal sa kaniya—hindi dahil para kay Noel, kundi para sa ikatutupad ng kahilingan ni Mark. Dito nila kapwa masusumpungan na may plano si Mark para sa dalawa kung bakit sila pinagtagpo. Bagaman nagkasundo na sina Shirley at Noel, nakatakdang mag diborsiyo ang dalawa pagkatapos ng dalawang taon. Ginawa lamang nila ito upang maging legal ang estado ni Noel sa EU.

## I. MGA PANGAKO NG PUSO: PAG-IIBIGANG PILIPINO SA ESTADOS UNIDOS

Madaling unawain ang dalawang pelikulang itinampok ang EU bilang larawan ng pag-iibigang Pilipino. Sa aspekto ng pag-ibig, itutuon ang talakayan sa mga naging balakid sa pagmamahalan nina Aga Muhlach at Lea Salonga sa San Francisco at nina John Lloyd Cruz at Luis Manzano sa New York. Malaki ang ginampanan ng kapaligiran at kaganapan kung paano hinulma ang tadhana ng pag-iibigan ng bawat isa.

### *Heteronormativ* na Pag-ibig sa Estados Unidos

Maituturing bilang perpektong kombinasyon ang artistang sina Lea Salonga at Aga Muhlach. Bukod sa gandang taglay ni Lea, hindi makakailang karugtong ng kaniyang pangalan ang pagiging *Miss Saigon* dahil sa boses na kaniyang ikinatampok sa buong mundo. Matatandaan na unang naghahanap ng babaeng gaganap sa musikal na ito sa mga tanyag na lunsod ng New York, Los Angeles, at Honolulu, ngunit wala sa kanila ang napili kaya't nakarating ang odisyon sa Maynila kung saan napili si Lea (Chung 63). Katulad ni Lea, kinalakihan ni Aga ang industriya ng pelikula at showbiz. Isang magandang halimbawa si Aga bilang representasyon ng mga artistang nagmula sa pagiging *juvenile* hanggang sa maging *matured actor* at pang-*matinee idol* (Tolentino 50; David 61) na sumabak sa iba't ibang uri ng pelikula, lalo na sa pag-ibig. Ang transisyon ni Aga ay isa pang imahen ng kalalakihang mula sa kapaslitan patungo sa isang tunay na heterosexual na bahagi ng lipunan (Tolentino 50). Isang tatak sa kamalayan ng mga Pilipino ang karakter nina Aga at Lea. Kaya't sa kabila ng kanilang edad, nahuhumaling pa rin ang sambayanan sa kanilang muling pagkikita nitong mga nakaraang taon kung saan binabalak ng dalawa na gumawa pa ng mga pelikula (Rappler, "Lea Salonga"; Rappler, "LOOK").

Hindi malilimutan ang kanilang pag-iibigan sa pelikulang SMM. Isang dependiyente ng babae si Agnes. Halos lahat ng kaniyang desisyon ay nakasalig sa kagustuhan ng nobyong si Jerry. Salat ito sa ahensiya na hawakan ang daloy ng sariling buhay. Kung gagamitin ang depinisyon ni Simone de Beauvoir (3), posibleng ipaloob si Agnes sa estado ng pagiging *other* na tinatrato ang mga babae bilang 'di- otonomo, ngunit may kakayahang magtagumpay (Rodriguez, *E Kasi Babae* 52). Maaari d ing tingnan si Agnes bilang isang ehemplo ng pagkamasunurin at perpetuwal na birhen na tila si Sharon

Cuneta (Tolentino 63-65; Mendoza, *Reinforcing Myth* 290) na may kakayahang maging mahinhin, maghintay, at magsakripisyo. Gayumpaman, tradisyonal ang pag-iibigan nina Agnes at Jerry. Hindi gusto ng ina ni Jerry na makatuluyan ni Jerry si Agnes dahil wala naman siyag mapapala bukod sa hindi naman ganoon kayaman ang babae. "L inta" ang deskripsiyon ni Lita (Gina Pareño) kay Agnes. Umiiral at tipikal ang ganitong tagpo sa ilang mga pelikulang Pilipino. Naipaliwanag halimbawa ni Resil Mojares ang ganitong penomeno, na madalas hadlang ang magulang ng babae sa pag-iibigan nila ng lalaki (100).[1] Sa kaso ng pelikulang ito, ang humahadlang ay nasa panig ng lalaki.

Nagbago lamang ang pagtrato ni Lita kay Agnes nang nalaman niyang ipepetisyon siya ng kaniyang ina sa San Francisco, California. Labag sa loob ni Agnes na umalis ng Pilipinas. Aniya, wala sa EU ang kaniyang buhay at pag-ibig. Ngunit, iginiit ni Jerry na kinakailangan niyang magtungo sa EU nang sa gayo'y mabago niya ang kaniyang pananaw sa buhay. Kahit mahina ang loob ni Agnes, sinunod pa rin niya ang payo ni Jerry mula sa oras na humarap ang nobya sa embahada (larawan 1) hanggang sa paglisan patungong EU (larawan 2).



**Larawan 1.** Si Agnes habang nasa embahada ng Estados Unidos (Lamasan, "SMM")



**Larawan 2.** Si Agnes na ayaw lisanin si Jerry (Lamasan, "SMM")

Sinubok ng tadhana sina Agnes at Jerry. Kung mapapansin, isa sa mga problemang kinaharap ng kanilang pagmamahalan ay ang kawalan ng atensiyon at oras para sa isa't isa. Laging nangungulila si Agnes sa pagmamahal ng kaniyang nobyo. Palagi niyang hinahanap at tinatawagan si Jerry, ngunit lagi namang nakatuon sa trabaho ang huli. Kinalaunan, pinaratangan ni Agnes si Jerry na kalaguyo ang amo niyang si Cynthia (Cherry Pie Picache). Payak lamang ang dahilan ng kanilang 'di-tuwir ang separasyon: ang *long distance relationship* (LDR). Sa tinuran ng iba, bibihira lamang ang nagtatagumpay sa ganitong uri ng pagmamahalan (Stafford *et al.* 902). Nagkaroon ng pagkakataon na

[1] Tinatawag ni Resil Mojares bilang *gugmang kabus* ang *sub-genre* ng mga ganitong kuwentong pag-ibig. Kaniyang inilarawan ang pag-ibig ng dalawang nagmamahalang may magkaibang katayuang panlipunan (kadalasan ay mahirap ang lalaki at mayaman ang babae), *i.e.* sa pagitan ng *langit* at *yuta* (lupa) o *lana* (langis) at *tubig*. Gayundin ang magulang (kadalasan sa panig ng babae) bilang hadlang at salungat sa pagmamahalan ng dalawang tao o 'di kaya'y mayroong isang mayamang karibal sa pag-ibig ang bidang lalaki (Mojares 100-101).

makarating si Jerry sa EU. Makailang ulit tinangka ni Jerry na makapasok ng EU ngunit lagi rin siyang ibinabagsak ng konsul. Sa kanilang muling pagkikita ni Agnes, matatag na't hindi umaasa sa iba ang nobya. Bagaman Ikinukubli pa rin ni Agnes ang pagmamahal niya kay Jerry. Natatakot lamang siyang magmahal ulit at masaktan. Dahil sa pag-asenso ng karera ni Agnes sa California, nawawalan na siya ng oras na kausapin at samahan si Jerry. Hindi naglaon, naramdaman din ni Jerry na tila binabalewala na rin siya ni Agnes. Sa kabilang banda, ikinagalak ni Jerry ang positibong transpormasyon ni Agnes. Sa melodramatikong tagpo:

> Jerry: Natutuwa nga ako, babes, my baby has grown.
> Agnes: Mahal kita, b abes.
> J: Mahal na mahal din kita, babes.
> A: Bakit mo ako sinasaktan?
> J: Babes, nasasaktan ako.
> A: 'Wag mo akong iwan.
> J: Kailangan eh. Hindi naman dahil sa'yo kundi dahil din sa akin… Hindi lahat ng nagpupunta dito sa Amerika ay nagtatagumpay kagaya mo. Hindi lahat kayang tanggapin ang mga pagbabago. Hindi rin lahat kayang lumaban dahil hindi lahat gustong lumaban. Saka 'di totoong lahat ay gustong mamuhay dito… Nasisira pagkatao ko, pero pinipilit ko at para sa'yo, pipilitin ko pa. Hindi ko alam saan aabot ang pagmamahalan natin (Lamasan, "SMM" 01:51:27-01:53:45).

Sa mga naunang pag-aaral (Stephen 206; Stafford at Reske 275), madalas na naghihiwalay o hindi nagtatagumpay ang LDR dahil nawawalan ng pisikal na interaksiyon at komunikasyon ng katawan ang dalawang nagmamahalan. Kaya't madalas na nagiging dahilan ng mga pag-aaway ang kawalan ng oras para sa isa't isa (Stafford *et al.* 912). Gayumpaman, ang ganitong pananaw sa pag-ibig bilang mga hadlang ay makaluma at tradisyo nal. Binago na rin ng panahon ang pag-angkop ng pag-ibig sa kaantasan ng LDR. Nariyan ang makabagong teknolohiya katulad ng *Messenger*, *Facebook*, *Skype*, at iba pa na nagpapadali sa komunikasyon at ugnayan ng dalawang taong napaghihiwalay ng espasyo. Higit pa ng pinatitingkad ng espasyo ang pagmamahalan ng dalawa, lalo pa't natututuhan nila kung paano maging malakas at magsarili kahit wala ang pisikal na interaksiyon (Sahlstein 689-690). Sa ganitong perspektiba maaaring tingnan ang karakter ni Agnes.

**_Homonormativ_ na Pag-ibig sa Estados Unidos**

Ibang uri ng pag-iibigan ang naging tunguhin ng karakter nina Noel (John Lloyd Cruz) at Mark (Luis Manzano) sa New York. Ito ang kauna-unahan at natatanging pelikulang homosekswal ni Lamasan. Mas krusyal na usapin ang kanilang pag-iibigan sa pelikula. Bilang paglilinaw, gagamitin sa artikulong ito ang "homosekswal" upang tukuyin ang karakter nina Noel at Mark. Ani J. Neil Garcia (xxi), ang homosekswal ay ginagamit upang ilarawan ang mga bayolohikal na lalaki at babae na nagkakagusto sa kanilang kapwa

(Garcia xxi). Sa maraming pagkakataon, isang kalituhan para sa lipunang Pilipino ang malawak na saklaw ng homosekswal, katulad ng kaibahan ng *gay* at bakla (*cf.* Baytan 213-217; Manalansan 21-26). Ayon kay Michael Tan:

> The Filipino term most widely used as a gloss for "homosexual" is bakla, a contraction of the words *babae* and *lalake*… The term "homosexual," of recent vintage even in the West, remains ambiguous in the Philippines. It is most often interchanged with *bakla*, with and emphasis on effeminacy and cross-dressing (198-199).

Umiiral pa rin sa ilang mga Pilipino ang esteriotipong pagtingin sa homosekswal na ikinakabit sa pagdadamit- babae, pagboboses- babae, may *make-up*, nagtatrabaho sa *parlor*, at iba pa. Sa korpus ng mga Pilipino, tinatawag silang mga *parlorista*. Kaya't marami sa mga indibidwal ay inihahanay ang sarili bilang *gay*, *homosekswal*, o *bisekswal* upang ihiwalay ang sarili sa klasipikasyon ng pagiging *bakla/parlorista* (198). Sa depiksiyon ng pelikulang IML, makikitang ang homosekswalidad ng mga tauhang sina Noel at Mark ay nasa preperensya lamang ng puso at hindi ng kanilang panlabas na kaanyuan o pananamit (Payuyo 307).

Mababakas sa pag-iibigan nina Noel at Mark ang diwa ng pagdadamayan at pagtutulungan. Maituturing bilang hadlang ang panghihimasok ng ina ni Mark sa buhay ng dalawa. Hindi tipo ni Shirley (Vilma Santos) si Noel kahit wala naman siyang nagawang kamalian. Sa pelikula, sesentro ang pagtalakay sa homosekswalidad ni Mark kumpara kay Noel, dahil limitado ang naging tala sa buhay ng huli at sa kaniyang pamilya. Sa pananaw ni Shirley, hindi niya tanggap ang homosekswalidad ni Mark. Minsan sa kanilang paglalakad sa New York, nalaman ni Mark na nais pala ni Shirley na manirahan nang tuluyan sa EU. Labis itong ikinagulat ng kaniyang anak. Ang usapan ay napunta sa sekswalidad ni Mark:

> Shirley: Eh, 'diba ikaw naman ang nag-imbita sa akin na pumunta rito?
> Mark: It's more than a year ago and you didn't come.
> S: Ah okay! Gets ko na, expired na ang imbitasyon mo. Wow, labo mo!
> M: Ikaw malabo. **Gusto mong tumira dito, pero 'di mo nga matanggap-tanggap na bakla ako.**
> S: **Ano, anong 'di tanggap, kailan 'di tanggap?**
> M: Ewan kelan mo ba tinanggap?
> S: **Wala ka naman sinasabi ah!**
> M: **Huh! Bakit sila Ate ba nagsabi na, "Ma, look oh, straight ako!"**
> S: Ang labo mo talagang kausap. Kung ayaw mo ako dito 'di wag! Babalik na lang ako sa Pilipinas **(akin ang diin)** (Lamasan, "IMF" 00:31:55-00:32:36).

Makitid ang pang-unawa ni Shirley sa estado ng homosekswalidad kaya't hindi nakapagtatakang hindi niya matanggap ang pagkatao ni Mark at nagiging tradisyo nal ang kaniyang pagtingin sa mga homosekswal. Kung susuriin ang naging pahayag ni Mark kay Shirley— "*Gusto mong tumira dito (New York), pero 'di mo nga matanggap-tanggap na bakla ako.*"— tila ipinapakita ng anak sa kaniyang Ina ang bukas at progresibong

pagtanggap ng New York sa homosekswalidad. Sa akdang *Global Divas* ni Martin Manalansan, sinabi niyang:

> Many people, my informants included, perceive these interlocking worlds of New York City as a unique milieu in which to create a gay sense of self. Filipino gay men marveled at the infinite variety of activities, events, and places marked as gay or queer in the city… Indeed, by the late twentieth century, New York City gay life had mushroomed into a plethora of groups and events that catered to almost every possible political, cultural, economic, physical, and social need (65).

Malayo ito sa lipunang Pilipino na madalas ang nagiging esteriotipo sa mga homosekswal bilang *bakla/parlorista* (Payuyo 306; Tan 198, 201) dahil sa tipikal nilang hanapbuhay at depiksyon ng pagiging *maporma* o *pasyonista* (Cohen *et al.* 275; Cox *et al.* 157). Kung minsan pa'y inilalarawan sila bilang mga bayolohikal na lalaking malalamya ang boses, kumekendeng, mahina, at sa ideya ng erotisismo (Blashill at Powlishta 786; Bickford 1; Pugh 161-162). Gayumpaman, hindi progresibo ang ganitong karakterismo sa lipunan ng mga homosekswal. Kung ilalapat sa kontekstong Pilipino, mayroong tinatawag bilang *Brokeback Mountain* o mga guwapong homosekswal, maskulado, at hindi nagdadamit-babae (Payuyo 306) na makikita kina Mark at Noel.[2] Hindi nagbago ang pananaw ni Shirley sa mga homosekswal. Lilitaw rin sa bibig ni Shirley ang isa pang esteriotipo tungkol sa mga homosekswal. Pinagdudahan niya si Mark na baka pineperahan lamang siya ni Noel. Hindi pa umaalpas ang kamalayan ni Shirley sa pag-ibig ng mga homosekswal. Naroon pa rin siya sa baluktot na pagtingin hinggil sa pag-ibig ng mga homosekswal na umiikot lamang sa pagbibigay ng pera:

> Shirley: Bakla ba talaga 'yon (Noel)? **Baka pineperahan ka lang noon ah!**
> Mark: Hindi ganoon si Noel at kung sabihin na natin pineperahan ako Ma. **Oh 'di sige, perahan niya ako, okay lang dahil pera ko naman 'yon.**
> S: Yabang naman nito. Sige baka madamay ka, pati ikaw mademanda ng immigration **(akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 00:40:43-00:41:01).

Kung tutuusin, hindi naman talaga nawawala sa esteriotipong Pilipino ang pagkakadikit ng *homosexual relationship* at pera. At dahil wala tayong malinaw na klasipikasyon sa homosekswal o bisekswal (Tan 199), *bakla* ang naitatawag sa kanila. Mariringgan pa rin ang iba ng mga atrasadong pagtingin sa pag-ibig ng homosekswal na umiikot sa pera (*i.e.* 150, *kapag gipit sa bakla kakapit*, *pa-booking kapag gipit*, at marami pang iba).

Dahil sa ganitong pag-iisip ni Shirley kaya't nahanap ni Mark kay Noel ang lahat ng uri ng pagmamahal. Laging magkasangga ang dalawa sa mga mahihirap na sitwasyon

---

[2] Tingnan din ang depinisyon ng *macho gay* (Tan 199); *silahis*, *silahista*, *silaham* (Baytan 216; Manalansan 203); at *pa-min* (Manalansan 202) bilang mga sinonimo ng *bisekswal*.

katulad ng paghahanap ng papakasalang babae para magkaroon ng legal na dokumento si Noel (larawan 3) at mga mabibigat na problema (larawan 4). Ang pagmamahalan ng dalawa ay magbibigay kinalaunan ng sakit para sa Ina ni Mark na makakaramdam ng selos kay Noel dahil sa pagtitiwala na ibinibigay ng kaniyang anak.



**Larawan 3.** Sina Mark at Noel sa New York (Lamasan, "IML")



**Larawan 4.** Pagmamahalan nina Noel at Mark sa New York (Lamasan, "IML")

Kalimitang nabubuo ang selos ng isang ina mula sa pinagsama-samang emosyon ng galit, takot, at kalungkutan (Ellestad at Stets 641). Sa pelikula, takot mag-isa si Shirley kaya't pinagsisiksikan niya ang kaniyang sarili kina Mark at Noel. Kinalaunan, lalabas ang matinding galit dulot ng pagseselos. Nagseselos si Shirley kay Noel dahil naramdaman niyang mas pinahahalagahan ni Mark ang kaniyang nobyo kumpara sa sariling ina. Kakaiba ang depiksyon ng pelikula dahil hindi tipikal ang inilalarawang katangian ng pagseselos at pag-ibig sa lipunang Pilipino. Madalas nangyayari sa totoong buhay, sa anumang kultura, na pinagseselosan ng mga asawang babae ang kanilang biyenang babae (Rabho 458) o 'di kaya'y ang mga ina ang nagseselos sa mga babaeng manugang. Ngunit ipinamalas ng IML na maaari palang magselos ang ina sa pagmamahalan ng kaniyang homosekswal na anak. Sinipi ang engkuwentro nina Shirley at Noel nang ilihim ng huli ang matinding karamdaman ni Mark:

> Shirley: Ang sabihin mo, lumabas din ang totoo mo. Bastos ka, traydor ka! Peke ka, sinungaling ka! Para kang puwet ng baso. Naloko mo ang anak ko pero hindi ako, hindi ako!
> Noel: Tita, let me explain muna.
> S: Ngayon pa? Ngayon pa araw-araw tayo magkasama, nakatira sa isang bubong, sabay tayo kumakain pero nakaya ng konsiyensiya mo na gaguhin ako.
> N: Si Mark naman po ang… (nagsabi kay Noel na huwag sabihin sa Ina ang tungkol sa kaniyang sakit).
> S: Ay oo nga. Oo nga naman! Naman! Naman! Naman! **Lahat nalang iniaasa mo kay Mark!** Mark, saan tayo kakain? Mark ano papanoorin natin? Mark kailan ako uupo? Mark kailan ako tatahol!
> N: Tita, 'wag naman hong ganyan.
> S: Bakit hindi ba? Utu-uto ka naman talaga. Bago pa si Mark, doon ka sa Tito mo nagpapauto, lahat ng sinasabi niya sa'yo sinusunod mo. Uto-uto ang tawag doon!
> N: Tita, tama na ho please.

S: Bakit masakit ba marinig ang totoo? Meron may mas masakit doon, alam mo 'yun? **'Yun itago sa 'yo ang totoo, pagmukain kang tanga. Ikaw ang nanay, ikaw ang nag-alaga mula pagkabata, ikaw nag-alala kapag may sakit, ikaw gumawa ng paraan para makapag-aral, ikaw ang nagsiguro kung may laman ang tiyan, pagkatapos ngayong malaki na, etsepwera ka na kasi may iba nang gumagawa ng ginagawa mo! Shet! Sino ka ba? Sino ka ba? (akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 01:40:56-01:42:58).

Malinaw sa mga naging pahayag ni Shirley ang pagseselos sa nobyo ng anak. Muling naulit ang ganitong emosyon ni Shirley nang mamatay si Mark sa isang aksidente. Nabundol siya ng isang sasakyan. Bilin ni Mark na i-*cremate* ang kaniyang katawan ngunit hindi pumayag si Shirley. Nais ng ina na maiuwi ang kaniyang anak sa Pilipinas nang sa gayo'y makita rin siya ng iba pang mga kapamilya. Ngunit, iginiit ni Noel ang habilin sa kaniya ni Mark. Nagkasagutan sina Shirley at Noel:

Shirley: Sige ikaw lang ang tama sa lahat! **Dalawang taon nga naman kayong nagsama ni Mark.** Ikaw lang ang may alam ng lahat ng gusto niya.
Noel: **Ano naiinggit ka? Naiinggit ka na naman dahil sa akin siya nagbilin at hindi sa'yo?** Ano nga ba ang alam mo kay Mark? Ano nga ba ang sinadya mong alamin tungkol sa gusto niya at hindi niya gusto?
S: Anak ko siya! Kaya bawat hininga at utot niya alam ko ang ibig sabihin.
N: Anak mo lang siya, hindi mo siya pag-aari! Hindi dahil ikaw ang naglabas sa kaniya, ikaw din ang bumuo. **Kung anuman ang naging siya dahil 'yun sa kaniya at sa iba pang taong naging parte ng buhay niya at isa ka lang doon Tita, isa ka lang doon! Kaya hindi lang ikaw ang may karapatang magmahal sa kaniya. Hindi lang sa'yo umiikot ang mundo Tita at hindi ito titigil kahit mawala ka pa.**
S: 'Wag kang magmagaling dahil wala kang alam.
N: …Ano bang kasalan ko sa'yo Tita? Minahal ko lang anak mo pati ikaw. Pati ikaw Tita minahal ko rin. Pero ang damot mo eh! Ang damot-damot mo **(akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 01:43:14-01:45:54).

Napupuno si Mark ng takot at hinanakit sa kaniyang ina na hindi natatanggap ang kaniyang sekswalidad. Sa esteriotipo, isang "hadlang" kung ituring ng iilan ang pagkakaroon ng homosekswal sa isang pamilya. Kung ipinapakita ng ilang pag-aaral na mas madali ang maging homosekswal na ama para sa heterosekswal na mga anak (Patterson 1029), mas mahirap naman para sa ilang magulang na tanggapin ang homosekswal na anak lalo na sa mga bayolohikal na lalaki. Darating muna sa iba't ibang lebel ng emosyon ng pagkagulat, alinlangan, labis na pagkagalit, at katanggapan (Savin-Williams at Dube 7-8). May mga pagkakataon pa, itinuturing ng ilang mga magulang ang homosekswalidad bilang deperensiya, pagkabagsak, at pagkabigo bilang isang magulang (Belksy at Diamond 1420) o malala pa'y nakakahawa (*contagious*) (Tan 199). Sa ganang ito, marami rin sa mga anak ang nagkakaroon ng sama ng loob sa mga magulang sa oras na hindi matanggap ang kanilang sekswalidad. Gayumpaman, ayon kay Manalansan, may pagkakaiba ang tugon ng Pilipinong magulang at Amerikanong magulang lalo na sa New York hinggil sa paglaladlad (o *pagladlad ng kapa*) ng kanilang mga anak. Kahit bukas ang New York sa homosekswalidad, ang paglaladlad ay isang mahirap na bagay—puro iyakan, umaalis o naglalayas sa bahay, at malulungkot. Samantalang sa Pilipinas, ang paglaladlad ay

"pakiramdaman" at sa oras na malaman ng magulang, magagalit lamang sila ngunit kalauna'y tatanggapin ang pagkatao ng anak (Manalansan 27). Ang iba nama'y tatanggapin ang paglaladlad ng anak ngunit nakikiusap na huwag magdamit-babae (Tan 201).

Makikita na ang hindi pagtanggap ni Shirley sa homosekswalidad ni Mark ay itinuring niyang kabiguan bilang isang magulang:

> Mark: Eh, ikaw tong lumayo eh.
> Shirley: Ikaw.
> M: Ikaw.
> S: Ako ba?
> M: **Naalala mo 'yong second year high school ako, noon nalaman mong bakla ako dahil nahuli mo kami ni Tommy?**
> S: Sa CR?
> M: Alam mo takot na takot ano noon. **Akala ko bugbog-sarado ako sa'yo pero wala dedma lang.** In fact since then, you just shut me out.
> S: Ganun ba 'yon?
> M: **Pagkatapos noon, parang kahit ano pa ang gawin ko, 'di na kita mapasaya.** Grumaduate nga ako ng Salutatorian pero nadisappoint na ka pa rin 'di ba?
> S: Kasi alam ko kaya mong maging Valedictorian.
> M: Noong nakapasok ako ng La Salle, ano sabi mo? Sana UP. Nakakuha ako ng trabaho right after College wala pa rin. At kahit ako napili ng kompanya, among so many other employees para ipadala dito… Within one day, naisip ko, "Oo nga, Mark, baka no matter what you do, how big your accomplishments may be… You failed as a son." Hirap pala maging anak lalo na kapag naging favorite **especially if you turned out into disappointment**, and I apologize for who I am **(akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 01:33:50-01:36:43).



**Larawan 5.** Pagtanggap at pagpapatawad ni Shirley kay Noel (Lamasan, "IML")

Sa huling sandali ng buhay ni Mark, nalaman ni Shirley ang kaniyang pagkukulang sa mga anak. Noong una'y hindi pumapayag si Shirley na magpakasal kay Noel ngunit kinalauna'y tinupad niya ang tungkulin sa namatay na anak. Sa katapusan ng pelikula, ipinagtapat ni Shirley ang lahat ng kaniyang pagkukulang sa anak at kay Noel (larawan 5) habang kanilang isinasaboy ang abo ni Mark sa Niagara Falls, Canada. Nabatid ni Shirley na kinakailangang tanggapin ng mga magulang ang kagustuhan ng mga anak—lalo na ang piniling sekswalidad.

## II. MGA SAKRIPISYO NG KAMAY: PAGHAHANAPBUHAY NG MGA PILIPINO SA ESTADOS UNIDOS

Mahirap mamuhay sa mga dayuhang lunsod lalo pa't kung hindi gaanong gagap ang kulturang mayroon ang kanilang lipunan. Tipikal ang ganitong suliranin sa ilang mga Pilipinong nasa EU partikular na sa mga pamosong lunsod ng California at New York. Inilarawan ng dalawang pelikulang SMM at IML ang mobilisasyon ng lipunang mayroon ang dalawang lunsod, na malao'y aangkinin ng mga Pilipino bilang sariling espasyo.

### Mobilidad ng Kabuhayan sa California at New York

Isa sa mayayamang lunsod ng EU ang California. Pinaunlad ng kapaligiran, klima, populasyon, at teknolohiya ang kinalalagyang ekonomiya nito (Nash 316). Kaya't kasabay ng kaunlaran, pumasok na rin ang iba't ibang migranteng manggagawa ng daigdig, legal o hindi ang pagkakapasok, kabilang na ang mga Pilipino (Friedberg at Hunt 27; Mitchell 58). Noong 1970, umaabot ng 40% ang mga Pilipinong naninirahan sa California (Melendy 524). Sa parehong mga taon, dumagsa din ang mga Pilipinong nars na nais magtrabaho sa EU kahit kadalasang inaabot ng labintatlong buwan bago makalabas ang bisa (Choy 168).

Katulad ng ilang mayayamang lunsod, mahirap makipamuhay sa California kung walang permanenteng trabaho at hindi nakakaangkop sa kanilang kultura. Ganito ang naranasan ni Agnes sa San Francisco, California. Nakaramdam siya ng pangungulila kay Jerry at sa kinasanayang buhay sa Pilipinas. Para sa kaniya, hindi siya nararapat sa California dahil hindi ito ang kaniyang mundo at may kahirapan siyang umangkop dito. Noong una, umikot doon ang kaniyang buhay sa paglilinis at pamimili (larawan 6) at nagbabakasakaling matutuhan niya ang kulturang Amerikano. Iginiit ng kaniyang ina na kinakailangan niyang tiisin ang pamumuhay sa California. Mapalad si Agnes, aniya, sa kabila ng maraming Pilipinong nagkukumahog na makapunta sa EU, siya namang ikinaaayaw ni Agnes. Mababago lamang ang kaniyang pananaw nang siya'y magkaroon ng trabaho at mga kaibigan, at malao'y ganap na natutuhan ang mobilidad sa California.



**Larawan 6.** Ang baguhang si Agnes sa California
(Lamasan, "SMM")

Sa kabila ng yamang taglay ng California, siya rin namang ikinataas ng diskriminasyon lalo na sa mga manggagawa. Tumibay ang kontrol ng mga Amerikano sa lupain at kabuhayan ng California nang ihayag ng kanilang pamahalaan ang paglimita sa pagpasok ng mga Asyano sa kanilang estado (Leonard 464). Sa pagtatapos ng dekada 1880 hanggang 1890 at pagpasok ng 1900, mas tumindi ang esteriotipong panlahi na naging pamantayan ang uri at trabahong papasukan sa California (Brown at Philips 61-74). Katulad ito ng karakter nina Agnes at Jerry na matatalakay sa susunod na bahagi. Gayumpaman, magkaiba ang California at New York. May ingklinasyong higit na liberal ang New York kumpara sa California. Halimbawa, ibinahagi ni Noel sa bagong saltang si Shirley ang kainaman ng New York pagdating sa "egalitaryadong" lipunan kung ihahambing sa ibang mga estado:

> Noel: Ayos ho, ano? Isa 'yan sa mga **dahilan kung bakit kayo bibilib sa New York**
> Shirley: Itong hotdog [dahil kumakain sila noon ng hotdog]?
> N: **Egalitarianism**. 'Yung mga **kahit mayaman at mahirap parehong hotdog ang kinakain**, In a way ho Tita, mas international city kaysa American city po ang New York. **Lahat 'ata ng nationality nandito na eh!** May Dominican, Chinese, of course Filipino, Puerto Rican, Italian, and I can go on and on. **I think more than 1/3 ng population, hindi rito ipinanganak (akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 00:29:59-00:30:38).

Marami nang binago ang New York tungo sa kaniyang egalitaryado at progresibong kalagayan. Kanilang iginiit ang repormang sibiko (Podair 204-218; Purnell 52-76); higit lalo sa hanay ng mga minorya o migrante (Rich 182-203); at pagsasaliberal at pagpapatatag ng edukasyon (Biondi 161-181; Perlstein 118-140; Ransby 32-51; Taylor 95-117). Gayumpaman, naiiba ang aspekto pagdating sa kabuhayan. Hindi gaanong nakakamtan ng mga migranteng manggagawa ang holistikong karapatan sa paghahanapbuhay. Nariyang hindi basta ipinagkakatiwala ng mga Amerikano sa mga migrante ang pamamahala sa negosyo at iba pang uri ng kabuhayan. Katulad halimbawa ng mga Latino at *African-American* (Sales at Bush 20), posibleng kinaharap din ng ilang mga Pilipino ang suliraning ito ng New York. Dahil sa limitado ang trabaho, kinakailangan pang kumuha ng higit sa isa pang trabaho ang mga Pilipino para mabuhay sa lunsod. Higit na mahirap kumuha ng trabaho ang mga *undocumented immigrants* katulad ni Noel. Kaya't bukod sa marami siyang pinapasukang trabaho, ninanais niyang makakuha ng potensiyal na papakasalang babae upang maging legal ang kaniyang estado sa New York:

> Shirley: Sama ka ba sa amin ni Mark mamaya?
> Noel: Ay, hindi ho kasi pupunta ako sa Queens para sa dinidesign kong poster, tapos tatao pa ako sa flower shop ng kaibigan naming si Hillary
> S: Nagdedesign ka? 'Di ba driver ka?
> N: Opo, pero 'yun po regular ko. Pero bukod 'don **meron pa akong mga ibang raket, kailangan ho eh. Pinag-iipunan ko po kasi ang kasal ko**
> S: Kasal? Sa babae?
> N: Opo
> S: **'Di ba bakla ka?**
> N: Hindi ho, bale marriage of convenience po para malegalize po ang status ko rito **(akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 00:38:21-00:38:54)

Magandang representasyon si Noel ng mga Pilipinong nagsusumikap sa New York upang makapag-ipon nang sa gayo'y makapagbayad ng mga taong "papakasalan" o *petitioner* (*fraudulent marriage* o *fixed marriage arrangement*). Kaiba ang sistema ng mga Pilipino sa New York. Kung ang mga migranteng Europeo ay pumapasok sa EU gamit ang *tourist visa* at mag-aasawa doon upang mapalitan ang kanilang estado (Charsley *et al.* 863; Bijwaard at Doeselaar 962), ang ilang mga Pilipino naman ay namamalagi ng higit dalawang taon pagkatapos ng pagkakawalang bisa ng mga dokumento. Doon lamang sila maghahanap ng paraan upang maging legal ang kanilang estado sa EU (Sajor-Tugano). Kaya't maraming *TNT* (tago-nang- tago) na mga Pilipino ang nasa New York katulad ni Noel na naghahanap ng ganitong uri ng *sham marriage* (Sajor-Tugano). Magkakaroon sila ng *internal arrangement* pagkatapos ng napagkasunduang taon ng pagiging "mag-asawa," hihiwalayan at/o idididiborsiyo ng nagbayad ang "inasawa" (*petitioner*) sa oras na matanggap ang inaasam na dokumento (*conditional green card*). Isang krusyal itong bagay dahil malaki ang ibinabayad sa *petitioner* (20,000-70,000 USD) (Sajor-Tugano). Makikita ang ganitong realidad sa naging pag-uusap nina Mark at Shirley. Sa halip na ikasal si Noel sa ibang babae, iminungkahi na lamang ni Mark sa kaniyang ina na pakasalan na lamang niya si Noe:

> Mark: Ay, teka, Ma, may alam akong trabaho para sa'yo. **Madali lang at malaki ang bayad.**
> Shirley: Saan?
> M: Kay Noel. He need someone to fill-up a position at **ang bayad 20,000 dollars a year**…
> S: Ano naman klaseng trabaho 'yan?
> M: Simple! **Pakasalan mo siya para maging US citizen siya**.
> S: Seryoso ka?
> M: Why not?
> S: Paano mo ako nakukuhang bastusin ng ganyan?
> M: Ma, hindi kita binabastos. I am also suggesting. Alam ko naman hindi ka mapipilit eh **(akin ang diin)** (Lamasan, "IML" 00:28:14-00:29:06).

Naipamalas din sa pelikula bilang bahagi ng mobilidad sa New York ang pagtatrabaho ng kababaihang Pilipino. Sa karakter ni Shirley na nakapagtapos ng kolehiyo at naging guro pa sa Pilipinas ay ngayo'y isang pangkaraniwang manggagawa na lamang sa New York. Bumubuo sa halos 85% na paggawang may kinalaman sa kalusugan, *health care*, at pagkain ang kababaihang Pilipino sa New York bago pa pumasok ang dantaon 20 (Foner 101). Isa si Shirley sa representasyon ng kababaihang Pilipinong nag-aambag sa mobilisasyon ng New York. Pinasok niya ang iba't ibang trabaho katulad ng pagluluto (larawan 7), pagseserbedora sa mga restoran, at *sales lady*. Madalas pumapalpak si Shirley at nagpalipat-lipat ng trabaho kahit labag sa kaniyang kalooban. Kinakailangan niyang magtrabaho upang matustusan ang kaniyang pangangailangan sa EU. Pinatutunayan lamang nito na integral ang pagkakaroon ng trabaho upang makipagsabayan sa mobilidad ng New York.

**Pagbasag sa Mito ng Estados Unidos at *White Collar Job***



**Larawan 7.** Si Shirley habang nagtatrabaho sa New York (Lamasan, "IML")

Tinatawag bilang *white collar* ang trabaho ng mga manggagawang klerikal at iba pang "magagaang" trabaho katulad ng *assistant* at mga kaugnay (Edwards 501; Weaver 167). Hindi sila katulad ng mga manggagawang nakalaan para sa mabibigat at delikadong trabaho. Sa papel na ito, sinadyang ihanay bilang mga manggagawang white collar ang ilang mga karakter sa pelikulang itinampok ang California at New York. Ito ang mga pangunahing lunsod na puntahan ng ilang mga Pilipino dahil sa kaginhawaang dulot ng *American Dream* (Salazar-Parreñas, "Mothering from a distance" 364; Clark 4; Akinwumi 250). Hindi d in naman sinasabing ang EU ay para lamang sa *white collar job*. Hindi ito nagkakalayo sa ipinakita ng mga pelikula. Nagkaroon ng trabaho si Agnes bilang isang *real estate agent* (larawan 8) samantalang nasa opisina naman si Mark. Nagkakaroon ng magagandang trabaho ang mga Pilipino sa EU, ngunit kung papansinin, isa lamang itong natatanging pribilehiyo sa katulad nina Agnes at Mark na mga legal na migranteng manggagawa. Kung gayon, ang klasipikasyong *white collar* ay aplikabol lamang para sa mga Pilipinong legal ang pananatili sa EU. Samakatuwid, ang kinasanayang haraya nating mga Pilipino sa labas ng EU, *i.e. kapag nasa Amerika ka*, *mayaman ka* o *ang Amerika ay sagot sa kahirapan* ay isang mito lamang. Hindi lahat ng mga Pilipino ay pinapalad sa EU na mapabilang sa kategoryang *white collar*. Kaya't kinakailangang baguhin ang paniniwala at pagkakabit sa EU bilang lugar ng mga manggagawang *white collar*. Dahil ang totoo'y marami pa rin ang mga ilegal na migranteng Pilipinong naglalabas-pasok sa EU, kung hindi man, nagtatago sa batas, at pilit na hindi bumalik at/o matakasan ang kahirapang iniwan sa Pilipinas. Bilang resulta, marami sa kanila ang pinapasok o bumabagsak sa mga trabahong pang-*blue collar*.



**Larawan 8.** Ang magandang trabaho ni Agnes sa California (Lamasan, "SMM")

Sa pagkakataong ito, maaaring tingnan ang transisyon ng mga manggagawa mula sa pagiging *white collar* tungo sa *blue collar* (Johnson at Stern 7-13) dahil nagiging limitado sa kanila ang pribilehiyong makakuha ng mga maaalwang trabaho. Ang pagdagsa ng mga ilegal na migrante sa EU ay naging hudyat upang kontrolin ng kanilang pamahalaan

ang batas para sa seguridad at imigrasyon. Malaki ang magiging impak nito sa kanilang ekonomiya. Gayumpaman, binubuksan pa rin ng EU ang kanilang pandaigdigang pintuan para sa mga *underrepresented* na etnisidad sa mundo. Noong 1988, nagsimula ang *visa lottery* sa EU kung saan niloloterya ang mga migranteng mapalad na mabibigyan ng *green card* o *permanent residence status* (Law 3). Hindi kasama rito ang mga Tsino at Pilipinong *overrepresented* na populasyon sa EU (Sajor-Tugano).

Dahil sa ilang ilegalidad at iregulasyon ng mga Pilipino sa EU, bukod sa hindi sila mabibigyan ng maayos na kita at benepisyo, may tendensiya na hindi sila maisama sa listahan ng mga *tax payer* dahil hindi nga sila pinahihintulutang magtrabaho ng pamahalaan (Chiswick 101-102). *Under the table job* ang tawag sa ganitong uri ng trabaho. Nakukuha nila ang kanilang *underrated salary* at hindi nakapagbabayad ng *resident tax*, *federal tax*, *withholding tax*, at iba pa (Sajor-Tugano). Ito ang dahilan kung bakit mahirap para sa mga Pilipino ang mabigyan basta-basta ng bisa sa EU. Patunay dito kung bakit hindi nabigyan kaagad ng bisa si Jerry. Ito ang tipikal na makikitang senaryo sa embahada ng EU sa Pilipinas lalo na sa *Consular Section* (*cf.* Tormon-Pasumbal 326-328).

Upang mas maunawaan, ginawang pansusog ang naging talaan ng *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA) noong 1997 hinggil sa bilang ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibayong dagat. Piniling ituon ang talaan noong 1995 (talahanayan 1) dahil sa taon ding ito ipinalabas ang SMM. Makikita na ang EU ay isa sa mga rehiyong may pinakamababang pinapapasok na migranteng manggagawa. May ingklinasyong kontrolado ng EU ang kanilang sistemang pang migrasyon. Gayumpaman, may nakakalusot pa ring mga Pilipino sa EU na pumapasok bilang turista ngunit malao'y hindi na babalik sa Pilipinas. Noong 2006, umabot sa halos dalawang milyong Pilipino ang nananatili sa EU nang walang legal na dokumento (Lin 4871) at patuloy pang lumulobo taun-taon. Sa kabila ng malaking bahagdan, 30% lamang ang mga Pilipinong nasa trabahong *white collar* (Allen 198) at karamihan pa'y mga walang sapat na dokumento.

| Rehiyon/Bansa | Bilang ng mga Lalake | Porsiyento | Bilang ng mga Babae | Porsiyento | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|
| Africa | 5,000 | 62.50 | 3,000 | 37.50 | 8,000 |
| Silangang Asya | 81,000 | 35.84 | 144,000 | 63.72 | 226,000 |
| Timog Silangang Asya | 32,000 | 29.36 | 77,000 | 70.64 | 109,000 |
| Kanlurang Asya | 199,000 | 65.03 | 107,000 | 34.97 | 306,000 |
| Australya | 15,000 | 83.33 | 4,000 | 22.22 | 18,000 |
| Europa | 43,000 | 65.15 | 23,000 | 34.85 | 66,000 |
| Amerika | 33,000 | 60.00 | 22,000 | 40.00 | 55,000 |
| **Pangkalahatan** | **408,000** | | **380,000** | | **788,000** |

**Talahayan 1.** Bilang ng mga manggagawa sa ibayong dagat noong 1995
(POEA, "Survey on Overseas Filipinos, 1993-1995, Volume I")

Sa pelikulang SMM, malinaw ang pagtingin ng ilang mga karakter sa EU bilang salukan ng kaginhawaan. Ipinakita halimbawa ang mga tagpong nag-aasawa ng Amerikano ang mga Pilipino upang makarating sa EU; pine petisyon ng ina ang anak; at magtutungo sa EU bilang turista at kalauna'y magtatago at magtatrabaho. May isang tagpo sina Daisy (Tina Paner) at Agnes na nagpapaliwanag kung bakit mas pinipili pa rin ng mayoryang Pilipino ang magtrabaho sa EU:

> Daisy: **Ay! hindi ipapadala ko 'yan sa Pilipinas pero 'di pa ngayon, 'di pa kasi puno eh.** Kada sweldo ko, namimili ako. Parang alkansya, hinuhulugan unti-unti. **Alam mo naman sa Pilipinas, kapag nalamang nagtatrabaho ka sa Amerika, akala nila milyonarya ka na.** At saka alam mo na, bukod sa mga sustento na ipinapadala mo buwan-buwan, kailangan mo pang magpadala ng kung anu-ano. **Kung minsan sumasama ang loob ko kasi kapag nagpapadala ako ng dollars sa amin kung gumastos sila kaliwa't kanan,** hindi nila iniisip na bago ko hawakan ang green money laspag na ang katawan ko sa pagod.
> Agnes: Bakit ka pumunta rito?
> D: **America is where the money, baby. Kapag masipag ka dito sa States, aasenso ka. Kahit katulad kong TNT.** Lalo ka na immigrant ka, ang suwerte mo **(akin ang diin)** (Lamasan, "SMM" 00:25:51-00:26:58).

Tipikal ang pagpapadala ng pera (*remittances*) bilang bahagi ng "obligasyon" sa kulturang Pilipino at ito rin ang isa sa mga maituturing na pangunahing dahilan kung bakit nangingibang-bayan ang mga Pilipino (Rother 259). Ang perang ipinapadala ay nagiging bahagi na ng panibagong e struktura ng *intimacy* at pagmamahal ng isang manggagawa sa kaniyang iniwang pamilya (Mckay 176-177). Katulad ng nabanggit ni Daisy, naging kaugalian na rin ng mga Pilipino sa EU ang punuin ang kanilang *balikbayan boxes* na ipinapadala sa Pilipinas. Kinakailangang mapuno ang kahon nang sa gayo'y maipadala ito nang isang bagsakan dahil may kamahalan ang pagpapadala nito sa Pilipinas. Kung magmumula halimbawa sa California, umaabot ng 158 USD ang dalawang kahon patungong Pilipinas at nakakarating pagkatapos ng dalawampu't isang araw lulan ng eroplano (Blanc 182). Bagaman kinasanayan na ng ilang mga Pilipino sa EU ang magpadala ng *balikbayan boxes*, ngunit kung pag-iisipan, kinakailangan ba talaga nila itong gawin? Kung oobserbahan, ang halos karamihan sa mga ipinapadala ay hindi naman nagagamit ng mga kaanak sa Pilipinas (*i.e. winter jacket*, *leather skate shoes*, at iba pa).

Kaya't maaaring tingnan ang pagsisimula noong dekada 1990 ng *ukay-ukay* o *wagwag* kung saan ibinebenta na lamang ang mga ipinadalang kagamitan (Milgram 10). Ang kaugaliang ipinapakita rito ay bahagi ng pagtugon sa kaginhawaan ng pamilya. Sa lipunang Pilipino, ang sakripisyo ay ipinapamalas sa anyo ng *social capital* (Paul 720) kasabay ng pagyakap sa mobilisasyon ng dayuhang bayan. May antisipasyon kung bakit patuloy na dumarami ang mga TNT sa EU ay dahil sa paniniwalang malaki ang maibibigay nitong kaginhawaan.

Lagpas isang dekada mula nang ipalabas ang SMM, makikita pa rin sa pelikulang IML ang depiksiyong naroon pa rin ang pagnanasa ng ilang mga Pilipino na makarating sa EU. Nananatiling kontrolado pa rin ang kanilang pagtanggap sa mga dayuhang migrante. Sa talaan na inilabas noong 2010 (talahanayan 2), nanatili pa ring kakaunti ang bilang ng mga Pilipinong nasa EU kung ihahambing sa Silangan at Kanlurang Asya.

| Rehiyon/Bansa | Bilang ng mga Lalake | Porsiyento | Bilang ng mga Babae | Porsiyento | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|
| Africa | 32,320 | 83.67 | 6,307 | 16.33 | 38,627 |
| Silangang Asya | 143,420 | 42.88 | 191,012 | 57.12 | 334,432 |
| Timog Silangang Asya | 79,790 | 43.29 | 104,516 | 56.71 | 184,306 |
| Kanlurang Asya | 540,350 | 54.19 | 456,807 | 45.81 | 997,157 |
| Australya | 29,290 | 59.64 | 19,822 | 40.36 | 49,112 |
| Europa | 97,970 | 61.87 | 60,367 | 38.13 | 158,337 |
| Amerika | 86,860 | 93.23 | 6,307 | 6.77 | 93,167 |
| **Pangkalahatan** | **1,010,000** | | **845,198** | | **1,855,198** |

**Talahayan 2.** ilang ng mga manggagawa sa ibayong dagat noong 2009
(POEA, "Survey on Overseas Filipinos, 2009")

Sa pinakabagong labas na istadistika ng *2019 Survey on Overseas Filipinos*, 178,362 ang mga Pilipinong pumasok sa kontinente ng Amerika. Malaki ang bahagdan ng kalalakihang manggagawa na bumilang ng 126,939 samantalang 51,786 ang kababaihan (PSA, "2019 Survey on Overseas Filipinos" 24). Kung EU mismo ang pag-uusapan, ayon sa *Filipinos in the U.S. Fact Sheet* na inilabas ng *Pew Research Center* noong 2019, nasa 4,211,000 na ang populasyon ng mga Pilipino sa EU. Patuloy na tumataas mula 2015 (3,899,000); 2010 (3,417,000); at 2000 (2,365,000) (Budiman). Kung gayon, angkop ang pagkakapili ng pelikulang SMM at IML sa *metropolitan area* ng California at New York bilang espasyo ng pelikula dahil hanggang 2019, ito pa rin ang malalaking konsentrasyon ng mga Pilipino: Los Angeles (506,000); San Francisco (310,000); New York (236,000); Honolulu (214,000); San Diego (201,000); Las Vegas (147,000); Chicago (145,000); Riverside-San Bernardino (136,000); Seattle (115,000); at San Jose (109,000) (Budiman). Kapansin-pansing lima mula sa mga nasabing lugar ay pawang nasa California.

Gayumpaman, dinadagsa pa rin ng mga manggagawang Pilipino ang EU kahit hindi sapat ang kanilang hawak na dokumento. Kaya't makikita ang epekto nito sa paghahanapbuhay. Pinasok halimbawa ni Noel ang mga trabahong angkop lamang sa kaniyang *migrant status*. Ganito ang naging naratibo ng karakter ni Jerry at ilang Pilipinong kaniyang nakasama sa trabaho. Marami sa kanila ang tinanggap ng mga Pilipinong *employer* kahit wala silang *working visa*. Bukod sa *underrated* na kita at benepisyong natatanggap, limitado rin ang kanilang seguridad. Sa SMM, makikita halimbawa kung paano binabarat ng negosyanteng si Rolly (Raul Aragon) ang suweldo ng kaniyang mga

tauhan kasama sina Jerry at Carding (Ric Arellano). Ipinadakip ni Rolly ang huli sa *immigration police* nang umangal siya hinggil sa kaniyang mababang suweldo:

> Carding: Ma'am, kulang po ito (suweldo) eh!
> Asawa ni Rolly: Anong kulang?
> C: Sabi po ni Sir Rolly, Ma'am eh, **tataasan daw po ang suweldo ko, eh tatlong buwan na po akong chef cook dito eh, wala pa ring umento.**
> Rolly: Bakit, Carding?
> C: Sir Rolly, hanggang ngayon po minimum wage pa rin eh.
> R: Ikaw naman oh, **pasalamat ka may sinasahod ka pa.**
> C: **Kinakaltasan niyo na nga kami ng SSS (Social Security System) kahit wala kaming SSS. Pagod na pagod na nga po kami sa kakatrabaho eh, pero ni isang kusing po wala po kami overtime**, ang hinihingi ko lamang po Sir ang karapatan ko lamang po, isipin niyo naman Sir, ang tagal ko ng chef cook.
> R: Alam mo Carding, marami kang satsat eh, kung 'di mo magustuhan sistema ko at 'di mo masikmura pamamalakad ko dahil wala kang utang na loob, lumayas ka hindi kita kailangan dito **(akin ang diin)** (Lamasan, "SMM" 01:42:33-01:43:31).

Naulit mismo kay Jerry ang ganitong mga tagpo. May karamdaman siya noon (larawan 9) kaya't hindi niya kayang magtrabaho ngunit pinilit pa rin ng abusadong *employer*. Dahil sa ilegal ang kaniyang estado, hindi sakop ng benepisyo si Jerry lalo na ang pagliban (*i.e. sick leave*):

> Rolly: Alam mo ba kung ilang dosenang itlog ang binasag ninyo, alam niyo ba kung magkano halaga noon?
> Jerry: **'Di ko po sinasadya kasi masama ho talaga pakiramdam ko, Sir.**
> **R: Wala akong pakialam ang dami ninyo kasing arte,** ang dami niyong excuses para matakasan ninyo ang mga trabaho ninyo kaya hindi kayo umaasenso [sabay duro kay Jerry at pumalag ito]… Lalaban ka? **Tuta lang kita na pinalalamon ko.**
> J: Trabaho lang ang ibinigay niyo sa akin, sa aming lahat, **lahat ng kinakain namin dito ay galing sa sarili naming pawis, kung tutuusin sa laki ng kinakaltas niyo sa suweldo namin, kayo pa nga 'tong may utang sa amin eh!**
> R: Ang kapal talaga ng mukha mo!
> J: **Mukha niyo makapal, naturingan pa naman kayong mga Pilipino (akin ang diin)** (Lamasan, "SMM" 01:47:53-01:48:34)!



**Larawan 9.** Pang-aabuso kay Jerry sa trabaho (Lamasan, "SMM")



**Larawan 10.** Paghuhugas ng mga pinggan ni Jerry (Lamasan, "SMM")




**Larawan 11.** Pagsisibak ng mga troso ni Jerry (Lamasan, "SMM")

Hindi matibay ang seguridad kontra-domestikong pang-aabuso ng mga Pilipinong *illegal migrant workers* sa EU. Karamihan sa kanila ay patuloy na nagiging biktima ng pananamantala at pang-aabuso (Garza 57-72). Hindi rin sila sakop ng hustisyang paggawa. Sa halip, maaari pa silang ikulong at/o ipatapon (*deportation*) sa oras na mapatunayang ilegal ang kanilang paghahanapbuhay. Wala silang pinirmahang kontrata, *underrated* ang suweldo, at walang benepisyo, kaya't nagiging daan ito sa tila normalisasyon ng mga domestikong pang-aabuso (Sayres 21-22). Pinasok din ni Jerry ang iba pang trabaho katulad ng paghuhugas ng plato (larawan 10) at tagasibak ng mga troso (larawan 11). Sa EU, batid ng Pilipino o Amerikanong *employer* kung ang indibidwal ay legal o ilegal na manggagawa. Kung minsan, mas pinipili nilang kuhanin ang mga ilegal dahil kanilang nababarat ang suweldo at may panakot na isusumbong sa awtoridad sa oras na hindi naging maayos ang kanilang pakikitungo at pagtatrabaho. Sa pag-uusap nina Jerry at Agnes, inihayag kung bakit hindi nagugustuhan ni Jerry ang pagtrato ng mga Amerikano sa mga katulad niyang ilegal na manggagawa:

> Jerry: Nag-resign na ako.
> Agnes: Huh, bakit?
> J: Nagkasagutan kami ng manager eh. Gusto niya magbantay ako ng kotse sa labas kahit umuulan, ano ako gago eh 'di magkakasakit lang ako noon.
> A: **Talagang ganyan dito eh. Eh kasi mataas ang bayad per hour sa mga blue collar jobs kaya sinusulit lang nila.**
> J: Meron pa naman mga ibang trabaho 'diba. **Nakakaasar ang mga Amerikano akala mo kung sino.**
> A: **Hindi naman maiwasan talaga ang discrimination dito eh. Hindi natin teritoryo ito (akin ang diin)** (Lamasan, "SMM" 01:15:13-01:15:50).



**Larawan 12.** Pag-aalaga ni Agnes sa mga matatanda (Lamasan, "SMM")



**Larawan 13** Paghuhugas ni Agnes sa Amerikanong pasyente (Lamasan, "SMM")

Iba ang naging kapalaran ni Agnes kumpara kay Jerry. Dumating si Agnes sa EU tangan ang mga dokumentong magpapatunay na maaari siyang maghanapbuhay, tumira, at mamuhay doon. Gayumpaman, hindi naging madali ang buhay para kay Agnes dahil hindi siya kaagad nakapaghanap ng maalwang trabaho. Namasukan bilang isang *caregiver* ng mga matatanda (larawan 12) upang makapagsimula. Ipinagmalaki ito ni Agnes kay Jerry na bago niya narating ang kaginhawaang kinalalagyan, pinasok muna niya ang mga mahihirap na trabaho katulad ng paghuhugas ng puwit (larawan 13). Ganito ang madalas na nagiging marka ng ilang kababaihang manggagawa sa EU, ang pagiging *caregiver* o kung hindi man, isang nars. Noon pa man, ito na ang pinapasok na trabaho doon ng mga Pilipino kaya't dahil sa patuloy na pangangailangan ng EU sa ganitong uri ng propesyon, inaasahan pa lalo ang pagdami ng mga *caregiver* o nars sa susunod na mga taon (Gagalac). Bagaman nakararanas din ng ilang diskriminasyon ang mga Pilipinang *caregiver* o nars (Wells 17-18) sa EU, sila pa rin ang mga tinitingalang etnisidad pagdating sa ganitong mga propesyon. Napapanahon ang representasyon ni Agnes noong 1995 sa hanay ng mga *caregiver* o nars. Noong dekada 1980, nagkaroon ng kakulangan sa mga nars ang EU (Ortiga 173) at kinakailangang kumuha ng mga karagdagan at/o alternatibong manggagawa na magmumula sa hanay ng mga *caregiver*. Ang ganitong resesyon o pagbabago ay naganap hanggang noong dekada 1990 (Ortiga 173). Para sa iilang Pilipino, maituturing pa ring *white collar job* ang *caregiving* dahil kanila itong pinapasok kahit labas sa digring tinapos sa Pilipinas. Suliranin ang ganitong estado para sa ilang mga Pilipino dahil ang pagkuha at/o pagtanggap sa mga trabahong malayo sa digring tinapos ay makapag-aambag sa iregularidad ng paggawa (Riley 166).

**PAGTATAPOS**

Ilan lamang ang SMM at IML sa mga pelikulang idinirehe ni Olivia Lamasan na direktang nagtampok sa pag-ibig at paghahanapbuhay ng mga Pilipino sa Estados Unidos. Sa kritikal na pagsusuri, kinailangang pag-isipan, ano ang higit na sinasalungguhitang tema at/o layunin ng bawat pelikula—kuwentong pag-ibig o kuwentong paghahanapbuhay? Sa unang sipat, maaaring paratangang ginawang bakdrap ang kuwentong pag-ibig upang pagtakpan at/o gawing palamuti lamang ang karanasan ng mga OFW sa EU at/o sa anumang bansa. Kahit na isinangkot ng mga pelikula ang EU bilang entablado ng mga pelikulang Pilipino, ano kaya ang higit na tumalab sa mga manonood? Ang nakakakilig kayang *love story* nina Agnes at Jerry at Noel at Mark? o ang nakakapanlumong realidad na kinapapamuhayan ng mga migranteng manggagawa? Pagkatapos halimbawang naipakita ng SMM ang *Golden Bridge* ng San Francisco, California at IML sa *Brooklyn Bridge*, higit kayang pinangarap ng manonood na marating ang mga "tanyag" na lugar na ito o nagbukas kaya ng kamalayan hinggil sa mga manggagawang biktima ng *American Dream* at malao'y sasabihing "may problema sa Pilipinas, kaya't totoo ang depiksyon ng mga

karakter sa pelikula." Ito ang puwang na kailangang tuklasin ng mga susunod na pananaliksik.

Gayumpaman, hindi rin naman isinasantabi ang espasyo ng EU bilang karagdagang aestetika ng pelikulang Pilipino dahil indikasyon ito na umuunlad ang ating lipunan sa ganitong larangan. Ngunit pinauunlad sana ang mas afirmatibo at kritikal na pagbasa sa mga espasyong ito. Ayon sa *Third Space* ni Homi Bhabha , hindi lamang limitado sa heograpikal at temporal na espasyo ang panunuri sa isang pook, kailangan pa itong paalpasin tungo sa sosyo-sikolohikal at kultural na gampanin ng mga kalahok (56). Gaya halimbawa, paano inangkin ng mga Pilipino ang espasyo ng California, New York, at sa EU sa kabuuan? Itinuring kaya nila itong ekstensiyon ng "iniwanang bayan," "sariling bayan" kaya? o minodipikang amalgamasyon ng dalawa (*cf. plurilocal* kay Tsujimoto). Ang pelikula ay isang halimbawa ng sining. Kaya't para sa ilang mga Marxista, ang sining ay hindi lamang umiikot sa aestetika kundi may kagamitang panlipunan (*purposive*) din. Ani Alice Guillermo, *the artists created an art which aimed to awaken the socio-political consciousness of the larger public and to inspire revolutionary fervor in its roles as agent of change* (211). Sagrado ang pelikulang tumatalakay sa paghahanapbuhay, kaya't kinakailangang maging maingat nang sa gayo'y maiwasan ang misrepresentasyon. Kinilig ang manonood, kumita nang malaki sa takilya ang pelikula, at naitanghal ang magagandang lugar sa EU, ngunit ano naman kaya ang benepisyong nakuha ng mga aktuwal na manggagawa sa EU matapos gawin ang pelikula? Narinig kaya sila? Nabago kaya ang sistemang pang-imigrasyon o napagtibay kaya ang oportunidad para sa kanila? Mahirap isipin kung sakaling ginawa lamang silang palamuti sa mga pelikula.

Dalawa, tatlo, o magtatatlong dekada na mula nang ipalabas sa takilya ang SMM at IML, ngunit patuloy pa ring mataas ang ingklinasyon ng ilang mga Pilipino sa penomeno ng *American Dream*. Naglatag ang pag-aaral na ito ng e stadistika noong 1995 at 2009, at makikitang lumo lobo pa rin hanggang 2019 ang bultuhang pagpasok ng mga Pilipino sa EU. Ang ingklinasyong ito ay dulot ng mapagkunwaring "globalisasyon" at progresong ipinasusundayag ng *First World* o *Global North* sa anyo halimbawa ng mga *financial aid* na matagal nang kritikal na pinupuna ng Marxistang si Renato Constantino (1988). Dahil sa *standardized globalization*, nahumaling ang taga-"*Third World*" o *Global South* kabilang ang mga Pilipino sa mga trabahong hatid ng EU. Bilang resulta, kaliwa't kanan ang eksploytasyon, domestikong pang-aabuso, at marhinalisasyon. Ang ganitong realidad at kalagayan sa mga migranteng manggagawa sa EU ay mababakas pa rin hanggang sa ngayon. Nasagasaan din ang mga Pilipino sa tinatawag na *oppressive nationalism* ng EU lalo pa't sa panahon ng panunungkulan ni Donald Trump, ang rasismo sa mga migrante ay naging *gendered*, *sexualized*, at *naturalized* (Bello; San Juan, "Racial formations/critical transformations").

"Racial formations/critical transformations"). Kung gayon, ang negatibong kalagayan ng mga manggagawang Pilipino batay sa pelikulang SMM at IML ay aktibo pa ring nangyayari hanggang sa kasalukuyan. Heto nga't naglitawan ang iba't ibang katawagan para sa mga manggagawang ito, *i.e. DH-Body* (Tadiar); *Servants of Globalization* (Salazar-Parreñas, "Servants"); *political subjects* (Onuki); *warm bodies* (San Juan, "Contemporary global capitalism"); *disposable body* (Moratilla); at probableng marami pang uusbong na katawagan sa hinaharap.

Samakatuwid, iminumungkahing ang mga pelikulang lilikhain sa hinaharap ay ialpas nawa palagi sa *sakripisyo ng kamay* (manggagawa) at hindi puro *pangako ng puso* (pag-iibigang pansarili). Lagi't laging tingnan ang pangkalahatan o holistikong danas ng lipunan.

**PAG-AALAY**

Iniaalay ang pananaliksik na ito sa aking butihing asawa—Joanna Frances Isabelle R. Sajor-Tugano—*permanent resident* ng New York, EU at sa kabila ng pagiging LDR, nananatiling tapat at matibay ang pag-ibig. Para rin sa aking nag-iisang kapatid—Prince Alexis J. Tugano. Isang karangalan na ako ang unang taong nakaalam ng kaniyang tunay na pagkatao at sekswalidad—naganap ang paglaladlad sa Myanmar noong 2018.

**PASASALAMAT**

Bahagi lamang ang papel na ito sa mas malawak na papel-pananaliksik, *Kuwentong Pag-ibig at Paghahanapbuhay sa Estados Unidos at Europa: Pagtatampok sa mga Manggagawang Pilipino sa Ilang Piling Pelikula ni Olivia M. Lamasan* na ipinasa sa PS 216 (The Filipino Diaspora), Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nagpapasalamat kay Prof. Noel Christian Moratilla, Ph.D., guro sa kurso at gabay para sa ikauunlad ng papel na ito. Gayundin kay Prof. Melcah T. Pascua-Monsura, Ph.D. (Department of Economics, Polytechnic University of the Philippines Manila) para sa mga tulong hinggil sa analisis at pagtratong istadistika.

**MGA SANGGUNIAN**

ABS-CBN. "Sagip Pelikula at FDCP, magpapalabas ng restored classic sa Manila Metropolitan Theater." ABS-CBN Corporate, 18 Pebrero 2022, https://www.abs-cbn.com/newsroom/news-releases/2022/2/18/sagip-pelikula-fdcp-restored-classics-met?lang=fil.

Akinwumi, Akinbola. "Review: A new kind of entanglement? Immigrants, the 'American Dream' and the politics of belonging." Geografiska Annaler. Series B, Human Geography 88.2 (2006), pp. 249-253.

Allen, James. "Recent immigration from the Philippines and Filipino communities in the United States." Geographical Review 67.2 (1977), pp. 195-208.

Bailon, Rowena. "Pares-Pares: Ilokos-Hawaii connection." Diliman Review 44.4 (1995), pp. 32-37. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/dilimanreview/issue/archive.

Barrios-Tinoco, Sonia. "Reconceptualizing 'The American Dream' for undocumented immigrants: The yearning for a lost sense of family, identity, and belonging." Pacific Coast Philology 53.2 (2018), pp. 289-307.

Baytan, Ronald. "Crazy planets: Notes on Filipino 'bisexuals'," nasa More tomboy, more bakla than we admit: Insights into sexual and gender diversity in Philippine culture, history, and politics. Mark Blasius at Richard Chu, eds. Quezon City: Vibal Foundation, Inc.; pp. 211-247, 2021.

Beauvoir, Simone. The second sex, tsln. Howard Parshley. New York: Penguin, 1972.

Bello, Walden. Deglobalization: Ideas for a new world economy, updated edition. London and New York: Zed Books Ltd, 2004.

Belsky, Yael at Gary Diamond. "Causal attributions and parents' acceptance of their homosexual sons." Journal of Homosexuality 62.10 (2015), pp. 1419-1431.

Bhabha, Homi. The location of culture. London: Routledge, 1994.

Bickford, John. Stereotype conformity in gay people and the homosexual identity development process. Thesis, University of Massachusetts, Amherst, 2014.

Bijwaard, Govert Ewout at Stijn von Doeselaar. "The impact of changes in the marital status on return migration of family migrants." Journal of Population Economics 27.4 (2014), pp. 961-997.

Biondi, Martha. "Brooklyn College belongs to us: Black students and the transformation of public higher education in New York City," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 161-181, 2010.

Blanc, Cristina Szanton. "Balikbayan: A Filipino extension of the national imaginary and of state boundaries." Philippine Sociological Review 44.1-4 (1996), pp. 178-193.

Blashill, Aaron at Kimberly Powlishta. "Gay stereotypes: The use of sexual orientation as a cue for gender-related attributes." Sex Roles 61.11-12 (2009), pp. 783-793.

Brown, Martin at Peter Philips. "Competition, racism, and hiring practices among California manufacturers, 1860-1882." ILR Review 40.1 (1986), pp. 61-74.

Budiman, Abby. "Filipinos in the U.S. Fact Sheet." Pew Research Center, 29 Abril 2021, https://www.pewresearch.org/social-trends/fact-sheet/asian-americans-filipinos-in-the-u-s/.

Bulosan, Carlos. 1946. Nasa puso ang Amerika, trans. Jovianne Figueroa. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc., 2022.

Charsley, Katharine, Brooke Storer-Church, Michaela Benson, at Nicholas van Hear. "Marriage-related migration to the UK." The International Migration Review 46.4 (2012), pp. 861-890.

Chiswick, Barry. "Illegal immigration and immigration control." The Journal of Economic Perspectives 2.3 (1988), pp. 101-115.

Choy, Catherine Ceniza. Empire of care: Nursing and migration in Filipino American history. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003.

Chung, Tzu-I. "The transnational vision of Miss Saigon: Performing the orient in a globalized world." Melus 36.4 (2011), pp. 61-86.

Clark, William. Immigrants and the American dream: Remaking the middle class. The Guilford Press, 2003.

Cohen, Taya, Deborah Hall, at Jennifer Tuttle. "Attitude toward stereotypical versus counterstereotypical gay men and lesbians." The Journal of Sex Research 46.4 (2009), pp. 274-281.

Constantino, Renato. "Philippine foreign policy: A critique." Journal of Contemporary Asia 18.3 (1988), pp. 382-386.

Cox, William, Patricia Devine, Alyssa Bischmann, at Janet Hyde. "Inferences about sexual orientation: The roles of stereotypes, faces, and the gaydar myth." The Journal of Sex Research 53.2 (2015), pp. 157-171.

Cruz, Marinel. "This accidental director wanted to be a doctor." Philippine Daily Inquirer, 16 Pebrero 2014, https://entertainment.inquirer.net/135096/this-accidental-director-wanted-to-be-a-doctor#ixzz5zer6C8SG.

David, Joel, ed. Huwaran/Hulmahan atbp. The film writings of Johven Velasco. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2009.

Edwards, Alba. "The white-collar workers." Monthly Labor Review 38.3 (1934), pp. 501-505.

Ellestad, June at Jan Stets. "Jealousy and parenting: Predicting emotions from identity theory." Sociological Perspectives 41.3 (1998), pp. 639-668.

Evasco, Eugene, Atoy Navarro, Will Ortiz, at Mary Jane Rodriguez-Tatel. Gabay sa pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan, at sining. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2011.

Foner, Nancy. "Immigrant women and work in New York City, then and now." Journal of American Ethnic History 18.3 (1999), pp. 95-113.

Friedberg, Rachel at Jennifer Hunt. "The impact of immigrants on host country wages, employment and growth." The Journal of Economic Perspectives 9.2 (1995), pp. 23-44.

Gagalac, Ron. "Caregiver shortage in US could reach 1M in 2030, Fil-Am workers' group says." ABSCBN News, 7 Pebrero 2017, https://news.abs-cbn.com/news/02/07/17/caregiver-shortage-in-us-could-reach-1m-in-2030-fil-am-workers-group-says.

Garcia, J. Neil. Philippine gay culture: Binabae to bakla, silahis to MSM. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.

Garza, Cecilia. "Foreign domestics: The use and abuse of undocumented household workers." Race, Gender, & Class 4.2 (1997), pp. 57-72.

Guillermo, Alice. "The visual arts during the Marcos regime." Nasa Memory, truth telling and the pursuit of justice: A conference on the legacies of the Marcos dictatorship. Center for Media Freedom and Responsibility, ed. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University; pp. 211-216, 2001.

JECC. “Blast from the Past: ‘Sana Maulit Muli’ was KimErald’s launching series!” MSN, 20 Nobyembre 2021, https://www.msn.com/en-ph/entertainment/entertainmentnews/blast-from-the-past-sana-maulit-muli-was-kimeralds-launching-series/ar-AAQWo0S?li=BB15QWvV.

Johnson, David at James Stern. “Why and how workers shift from blue-collar to white-collar jobs.” Monthly Labor Review 92.10 (1969), pp. 7-13.

Lamasan, Olivia, director. In My Life. Star Cinema Productions, 2009.

Lamasan, Olivia, director. Sana Maulit Muli. Star Cinema Productions, 1995.

Law, Anna. “The diversity visa lottery: A cycle of unintended consequences in United States immigration policy.” Journal of American Ethnic History 21.4 (2002), pp. 3-29.

Leonard, Kevin Allen. “Is that what we fought for? Japanese Americans and racism in California: The impact of world war II.” Western Historical Quarterly 21.4 (1990), pp. 463-482.

Liabres, Aprylle. “Behind the song: Sana Maulit Muli.” Khaleej Times, 5 Abril 2015, https://www.khaleejtimes.com/city-times/behind-the-song-sana-maulit-muli.

Lin, Sharat. “Undocumented workers in the US.” Economic and Political Weekly 41.47 (2006), pp. 4867-4872.

Lopez, Mark Hugo, Ana Gonzalez-Barrera, at Jens Manuel Krogstad. “Latinos are more likely to believe in the American dream, but most say it is hard to achieve.” Pew Research Center, 11 Setyembre 2018, https://www.pewresearch.org/fact-tank/2018/09/11/latinos-are-more-likely-to-believe-in-the-american-dream-but-most-say-it-is-hard-to-achieve/.

Manalansan, Martin IV. Global divas: Filipino gay men in the diaspora, Philippine edition. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006.

Mckay, Deirdre. “Sending dollars shows feeling – emotions and economies in Filipino migration.” Mobilities 2.2 (2007), pp. 175-194.

Melendy, H. Brett. “Filipinos in the United States.” Pacific Historical Review 43.4 (1974), pp. 520-547.

Mendoza, Trina Leah. “Reinforcing myths about women in Philippine culture: Semiotic analyses of the sexbomb girls in Eat Bulaga’s Laban o Bawi.” Kritika Kultura 33-34 (2019), pp. 275-298.

Milgram, Lynne. “Activating frontier livelihoods: Women and the transnational secondhand clothing trade between Hong Kong and the Philippines.” Urban Anthropology and Studies of Cultural Systems and World Economic Development 37.1 (2008), pp. 5-47.

Mitchell, Don. The lie of the land: Migrant workers and the California landscape. University of Minnesota, 1996.

Mojares, Resil. Interrogations in Philippine cultural history: The Ateneo de Manila lectures. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Moratilla, Noel Christian. The migrant worker as disposable body: Testimonial narratives from a nongovernment organization. Humanities Diliman 15.2 (2018), pp. 38-60.

Nash, Gerald. “Stages of California’s economic growth, 1870-1970: An interpretation.” California Historical Quarterly 51.4 (1972), pp. 315-330.

Onuki, Hironori. “Migration workers as political subjects: Globalization-as-practices, everyday spaces, and global labour migrations.” Refuge: Canada’s Journal on Refugees 24.2 (2007), pp. 125-134.

Ortiga, Yasmin. “Learning to fill the labor niche: Filipino nursing graduates and the risk of the migration trap.” RSF: The Russell Sage Foundation Journal of the Social Sciences 4.1 (2018), pp. 172-187.

Paluga, Myfel. "Araw" at "Gahum" ng New Israel sa Mindanaw: Isang pag-aaral sa sekta ng Moncado Alpha at Omega sa perspektibang historiko-kultural. Bagong Kasaysayan: Mga pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas 9, 2000.

Patterson, Charlotte. "Children of lesbian and gay parents." Child Development 63.5 (1992), pp. 1025-1042.

Paul, Anju Mary. "Good help is hard to find: The differentiated mobilisation of migrant social capital among Filipino domestic workers." Journal of Ethnic and Migration Studies 39.5 (2012), pp. 719-739.

Payuyo, Louise Abigail. "The portrayal of gays in popular Filipino films, 2000 to 2010." Philippine Sociological Review 60 (2012), pp. 291-322.

Perlstein, Daniel. "The deadend of despair: Bayard Rustin, the 1968 New York school crisis, and the struggle for racial justice," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 118-140, 2010.

Philippine Overseas Employment Administration (POEA). Survey on overseas Filipinos, 1993-1995, Volume 1. Manila, Philippines: National Statistics Office, 1997.

Philippine Overseas Employment Administration (POEA). Survey on overseas Filipinos, 2009: A report on the overseas Filipino workers. Manila, Philippines: National Statistics Office, 2010.

Philippine Statistics Authority (PSA). Survey on overseas Filipinos 2019: A report on the overseas Filipino workers. Philippine Statistics Authority, 2019.

Podair, Jerald. "One city, one standard: The struggle for equality in Rudolph Giuliani's New York," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 204-218, 2010.

Pugh, Tison. The queer fantasies of the American family sitcom. Rutgers University Press, 2018.

Purnell, Brian. "Taxation without sanitation is tyranny: Civil rights struggles over garbage collection in Brooklyn, New York, during the fall of 1962," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 52-76, 2010.

Rabho, Laila Abed. "My mother-in-law ruined my life: The jealous mother-in-law and the empowerment of Palestinian women." Contemporary Islam 9.3 (2015), pp. 455-470.

Ransby, Barbara. "Cops, schools, and communism: Local politics and global ideologies – New York City in the 1950s," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 32-51, 2010.

Rappler. "Lea Salonga and Aga Muhlach reunion movie set for 2016." Rappler, 6 Agosto 2015, https://www.rappler.com/entertainment/lea-salonga-aga-muhlach-movie-2016.

Rappler. "LOOK: Lea Salonga, Aga Muhlach reunite." Rappler, 6 Hunyo 2017, https://www.rappler.com/entertainment/lea-salonga-aga-muhlach-reunion-photo.

Rich, Wilbur. "Racial events, diplomacy, and Dinkin's image," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 182-203, 2010.

Riley, Stephen. "The Applicability of undergraduate education in jobs." Higher Education 11.2 (1982), pp. 155-175.

Rodriguez, Fritzie. E kasi, babae: Myths about women who love women in Filipino films. Thesis, Mass Communication, University of the Philippines Diliman, Quezon City, 2013.

Rother, Stefan. "Changed in migration? Philippine return migrants and (un)democratic remittances." European Journal of East Asian Studies 8.2 (2009), pp. 245-274.

Sahlstein, Erin. "Relating at a distance: Negotiating being together and being apart in long-distance relationships." Journal of Social and Personal Relationships 21.5 (2004), pp. 689-710.

Sajor-Tugano, Joanna Frances Isabelle. Personal na komunikasyon para sa rebisadong papel na ito, 2022.

Salazar-Parreñas, Rhacel. "Mothering from a distance: Emotions, gender, and intergenerational relations in Filipino transnational families." Feminist Studies 27.2 (2001), pp. 361-390.

Salazar-Parreñas, Rhacel. Servants of globalization: Women, migration and domestic work. California: Stanford University Press, 2001.

Sales, William at Rod Bush. "The political awakening of Blacks and Latinos in New York City: Competition or cooperation?" Social Justice 27.1 (2000), pp. 19-42.

San Juan, Epifanio Jr. Racial formations/critical transformations: Articulations of power in ethnic and racial studies in the United States. New Jersey and London: Humanities Press, 1992.

San Juan, Epifanio Jr. "Contemporary global capitalism and the challenge of the Filipino diaspora." Global Society 25.1 (2011), pp. 7-27.

Santarita, Joefe. "Salmon at Pinoy: Pinagtagpo at Itinadhana sa Kodiak, Alaska," nasa Banwa at layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Axle Christien Tugano, ed. Limbagang Pangkasaysayan; pp. 295-298, 2023.

Savin-Williams, Ritch at Eric Dube. "Parental reactions to their child's disclosure of a gay/lesbian identity." Family Relations 47.1 (1998), pp. 7-13.

Sayres, Nicole. An analysis of the situation of Filipino domestic workers. International Labour Organization, w,tn.

Selim, Chandral. "4 Olivia Lamasan films you NEED in your life." Star Cinema, 7 Hunyo 2018, https://starcinema.abs-cbn.com/2018/6/7/blog/star-cinema-25th-anniversary/4-olivia-lamasan-films-you-need-in-your-life-40348.

Stafford, Laura at James Reske. "Idealization and communication in long-distance premarital relationships." Family Relations 39.3 (1990), pp. 274-279.

Stafford, Laura, Andy Merolla, at Janessa Castle. "When long-distance dating partners become geographically close." Journal of Social and Personal Relationships 23.6 (2006), pp. 901-919.

Stephen, Timothy. "Communication and interdependence in geographically separated relationships." Human Communication Research 1 (1987), pp. 191-210.

Tadiar, Neferti Xina. "Domestic bodies of the Philippines." Sojourn: Journal of Social Issues in Southeast Asia 12.2 (1997), pp. 153-191.

Tan, Michael. "From bakla to gay: Shifting gender identities and sexual behaviors in the Philippines," nasa More tomboy, more bakla than we admit: Insights into sexual and gender diversity in Philippine culture, history, and politics. Mark Blasius at Richard Chu, eds. Quezon City: Vibal Foundation, Inc.; pp. 195-209, 2021.

Tariman, Pablo. "The film education of direk Olivia Lamasan." Philstar Global, 10 Pebrero 2014, https://www.philstar.com/entertainment/2014/02/10/1288485/film-education-direk-olivia-lamasan.

Taylor, Clarence. "Cooperative and liberal opposition to the New York City school-integration campaign," nasa Civil rights in New York City: From world war II to the Giuliani era. Clarence Taylor, ed. Fordham University Press; pp. 95-117, 2010.

Tolentino, Rolando. Richard Gomez at ang mito ng pagkalalake, Sharon Cuneta at ang perpetwal na birhen at iba pang sanaysay ukol sa bida sa pelikula bilang kultural na texto. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2000.

Tormon-Pasumbal, Divina. "Ang tsokolate na pangako ni Ate," nasa Banwa at layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Axle Christien Tugano, ed. Limbagang Pangkasaysayan; pp. 326-330, 2023.

Tsujimoto, Toshiko. "Affective friendship that constructs globally spanning transnationalism: The onward migration of Filipino workers from South Korea to Canada." Mobilities 11.2 (2016), pp. 323-341.

Tugano, Axle Christien. Tungkol sa pag-ibig at hanapbuhay: Isang tematikong paglagom sa mga pelikula ni Olivia M. Lamasan. Di-limbag na papel, 2021.

Tugano, Axle Christien. "Representasyon ng kababaihang manggagawang Pilipino sa Europa batay sa pelikulang pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2016) ni Olivia Lamasan. Bisig Journal 3.1 (2021), p. 43-72.

Tumbocon, Mauro. "FACINE: Re-configuring the Filipino in film in the west, its challenges and possibilities." Plaridel Journal 14.2 (2017), pp. 213-220.

TVG (TV Guide). "Olivia M. Lamasan Biography." TV Guide, w.tn., https://www.tvguide.com/celebrities/olivia-m-lamasan/bio/3030211986/.

Weaver, Charles. "Job preferences of white collar and blue collar workers." The Academy of Management Journal 18.1 (1975), pp. 167-175.

Wells, Munira. The experiences of Indian nurses in America. Dissertation, Doctor of Philosophy in Nursing. Secton Hall University, 2013.

## TUNGKOL SA AWTOR

Si **AXLE CHRISTIEN J. TUGANO** ay kasalukuyang Guro ng Kasaysayan sa Division of History, University of the Philippines Los Baños, Laguna. Nagtapos ng BA History sa Polytechnic University of the Philippines (*Batch Valedictorian, magna cum laude*). Tinatapos ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa *Diliman Review*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, at *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* ng University of the Philippines Diliman; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal*; *Tala Kasaysayan Journal*; *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Mabini Review*, *Bisig Journal*, at *Social Sciences and Development Review* ng Polytechnic University of the Philippines; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan, *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, at ilang mga pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas at ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts at marami pang iba. Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang "*Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala*" na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).